# *PAKIKINIG, PAGKILALA, PAGKILOS SA SALITA NG DIYOS*

Ngayon, itong mga teyp, ng pagtitipon na ito ngayong umaga, hindi ibinebenta ang mga ito, ito'y para lang sa Iglesya o para sa tao, dahil ito'y ukol sa Doktrina. At sa mga pagtitipon doon sa labas, nagdudulot ito ng kalituhan, dahil halos kapag dalawa na tayo ay talagang di tayo magkasundo nang lubos, pero kailangan magkasundo tayo sa puso, ano't anuman. Pero ito, tayo rito sa tabernakulo, ang mga teyp na ito, kung napapansin n'yo sa . . . Ito'y para lamang sa mga kaibigan, at iba pa.

2 Ngayon iyuko na po natin ang ating mga ulo sa kaunting sandali ng pananalangin. Ilan po ang nais maalaala habang nakayuko ang inyong mga ulo? Itaas n'yo lang ang inyong kamay, sabihin, "Panginoon, ako'y—ako'y nangangailangan ngayong araw, at kailangan ko ang biyaya Mo," kung para saan man ito.

3 Makalangit naming Ama, kami ngayon ay dumudulog sa Iyong Luklukan ng awa, dahil hiniling sa amin na gawin ito. At sinabi ito sa amin ng Iyong Anak, at aming Tagapagligtas, na kung may hihingin kami sa Iyo na anuman sa Iyong Pangalan, ito'y ipagkakaloob. Kaya naman, Panginoon, yamang nalalaman namin na kami'y nabubuhay na sa mga anino ng Kanyang Pagparito, at ngayon ay nakatayo sa mga anino ng Kanyang awa, amin ngang hinihiling, Panginoon, na Inyong pipiliin, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ang mga bagay na 'yun na dapat namin hingin. At nararamdaman namin sa umagang ito, na hindi ito sasalungat sa Iyong Salita at sa Iyong dakilang katuwiran, at Iyong habag at biyaya, na kung hihiling kami na magkamit ng isang natatanging pagbisita ngayong araw mula sa Espiritu Santo. Na Siya'y makadako rito sa aming kalagitnaan at tatalusin ang mga haka ng aming mga puso, ihahayag sa amin ang mahihina naming dako, at pagagalingin ang aming mga karamdaman, at pagagalingin ang mga wasak na puso, at ililigtas ang mga naliligaw, at maghahanda ng mga tao para sa Kanyang Pagparito. Panginoon, pakinggan Mo ang panalangin na ito.

4 Ngayon amin pong babasahin ang Iyong Salita. At—at dalangin namin, Panginoon, na sa Lingguhang aralin namin sa umagang ito, na Iyong ilalabas ang konteksto ng binabasa at ihahayag Ito sa aming mga puso. Dahil, pumarito kami para sa isang layunin. Ang layunin na 'yun, na natatanging

layunin, ay ang makilala Ka pa nang lubusan. Kami na mga Cristiano, sa Pananampalataya, ay nagnanais na makilala Ka pa nang lubusan. Sila na mga hindi pa Cristiano, ay nagnanais na makilala Ka bilang kanilang Tagapagligtas. Sila na mga may sakit, ay nagnanais na makilala Ka bilang kanilang Tagapagpagaling. At dalangin namin na walang lalabas ng gusaling ito, na walang laman, bagkus ang bawat kahilingan ay matupad hanggang sa pinaka letra, at ang bawat mithi'y matamo, at ang bawat—bawat tao'y maging masaya, at lalabas ng gusaling ito, na nagsasabi, gaya nung mga naglalakbay sa Emaus, "Hindi baga't ang mga puso nati'y nag-alab sa loob natin, habang Siya'y nakikipag-usap sa atin sa daan?" Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

5 Ngayon sa inyo na nais buklatin ang inyong Aklat. Kadalasan, nasusumpungan ko, sa mga pagi-ebanghelyong mga gawain, na mga dalawampu o tatlumpung minuto ang nagdudulot ng pinakamainam na epekto para sa isang kaakibat na espirituwal na pagmemensahe, at pagkatapos ay susundan ng pagtawag sa pagdulog sa altar. Pero dahil ito'y Sunday school, di ko nais na gawin ito sa paraan na 'yan ngayong umaga. Mas nararamdaman ko ang pangunguna na huwag magmadali't ipangusap ang Salita.

6 Ngayon, kung mayroon diyan na di kumportable, nilalamig nang husto, ang gawin n'yo lang ay. . . Ang kapatid ko, na taga-asikaso, ay nariyan sa likod ng simbahan, itaas n'yo lang ang inyong kamay nang *paganoon* diyan sa likod, sa kanya, at aayusin niya ang temperatura. At nais naming maging kumportable kayo at maging mainam ang pakiramdam n'yo. At pakinggan n'yo ang Salita, dahil umaasa tayo na ituturo sa atin ng Espiritu Santo ang Salita ng Diyos. At naririnig n'yo bang maigi, diyan sa likod? Kung naririnig n'yo, pakitaas lang po ang inyong mga kamay, kung naririnig n'yo—n'yong maigi. Sige't mainam.

7 Ngayon nais kong makibuklat kayo sa akin, may ilan akong teksto na naisulat dito, at ilang Kasulatan. Mangyari na nais kong makibuklat kayo sa akin, una, sa Aklat ng Mga Taga-Roma, Mga Taga-Roma, sa ika-9 na kabanata. At nais nating bumasa para sa isang Kasulatan na aral, una, sa Mga Taga-Roma 9:11.

> *(Sapagka't ang mga anak nang hindi pa ipinanganganak, at hindi pa nagsisigawa ng anomang mabuti o masama, upang ang layon ng Dios ay mamalagi alinsunod sa pagkahirang, na hindi sa mga gawa, kundi doon sa tumatawag;)*
>
> *Ay sinabi sa kaniya, Ang panganay ay maglilingkod sa bunso.*
>
> *Gaya ng nasusulat, Si Jacob ay inibig ko,* at *si Esau ay aking kinapootan.*

8 Nawa'y idagdag ng Diyos ang Kanyang mga pagpapala sa pagbabasa na ito ng Kasulatan. At ngayon para sa isang teksto, bilang paglalakip sa aking aralin, nais kong kunin ang teksto na ito: *Pakikinig, Pagkilala, Pagkilos Sa Salita Ng Diyos*. Nais kong ulitin lang po uli. "Pakikinig, at pagkilala, at pagkatapos ay pagkilos sa Salita ng Diyos."

9 Ngayon, alam na alam natin ito, tayong mga tao na sinasaliksik ang Mga Kasulatan nang araw at gabi, at nagbabasa ng ating mga diyaryo at nakikinig sa mga komentarista ng balita, na ang mundong ito ngayon ay narito na sa mahigpit na hawak ng dalawang malaking espirituwal na mga puwersa. At kapwa mga puwersang panrelihiyon ang mga ito. At naniniwala ako na ang malalaking puwersa na ito'y malapit nang magkabungguan. At kapwa ang mga puwersang ito'y nirerepresenta ang dalawang anak na lalaki ni Isaac. Ganoon na lamang na ang Diyos, sa Kanyang walang katapusang karunungan, ay paunang napaaninag na ang lahat ng mga bagay na ito sa atin; para tayo sa pamamagitan ng mga bagay na ito'y malaman, nang may katiyakan, kung anong nakalatag sa harap natin. Talagang pinalinaw ito, na ang Diyos at ang Kanyang Salita, at ang kalikasan at ang Kanyang sansinukob, ay ganap ang ayos ng pagkakalakip, na maging ang—ang makasalanan ay nakikita na may bagay na napipinto nang mangyari. Ganoon na lamang itong inayos ng Diyos. Kaya walang sinuman ang may maidadahilan.

10 Ngayon, makikita natin sa dalawang anak na ito na noong sila, bago sila ipinanganak, sila'y nagkakagirian na sa isa't isa. Maging ang kanilang malinis na nanay. . . Hayan nga, na siya ay malinis, ang magandang si Rebekah na pinakasalan ang matuwid na binhi ng pangako ng Diyos, si Isaac; na silang dalawa'y itinalaga mismo, na puspos-ng-Espiritu na mga mananampalataya ng Diyos, na paunang itinalaga na ang mismong kasal na nagpaging-isa sa kanila. Pauna na itong alam ng Diyos. At papaanong ang bagay na 'yun ay manggagaling sa iisang nanay, iisang tatay? Ang isa, masama mismong tao; at 'yung isa, isang napakainam na tao; at kung papaanong 'yung mainam na tao'y mukhang masama, at 'yung masama ay mukhang mainam.

11 Ngayon 'yan nga, noon pa man, maging sa hinaharap ay ang programa ng Diyos. Hindi maaaring baguhin ng Diyos ang Kanyang programa. Dahil, ginagawa Niya ang Kanyang programa na ganap, dahil ito'y bahagi Niya.

12 Sa halamanan ng Eden, kabigha-bighani ang kasalanan hanggang sa akitin nito si Eba mula sa katuwiran, patungong kasalanan. At sa siya ring halamanan kung saan naroon ang punongkahoy ng Buhay, naroon din ang punongkahoy ng kamatayan.

13 Kilala natin ’yan sa panahon ngayon bilang batas ng kaibahan. Na, kung saan may mabuti, naroon ang masama; kung saan naroon ang tama, naroon ang mali. At hindi natin magagawa kailanman, kahit na ano pa ang kapaligiran natin, na mauuga natin ang ating sarili mula sa presensya ng alinman sa dalawang ito. Dahil, sinabi ni Pablo, “Kapag gumagawa ako ng mabuti, mangyaring naroon ang masama.” Hindi magagawa ng makasalanan na ugain ang kanyang sarili palayo sa Cristiano, maging ang Cristiano mula sa makasalanan. Mayroon at mayroon dun na saksi ng tama, at saksi ng mali, sa tuwina. At ikaw ang nagpapasya ng iyong pagpipili. Kinakailangan n’yong piliin ’yung isang panig o ’yung isa.

14 Pero sa dalawang anak na ito, kakatwa ngang malaman, na bago sila ipinanganak, kapwa parehong binhi, mula kay Isaac, na siyang pangako. Ngayon, ang aralin po natin ay medyo mahaba, at nais kong makapaglatag ng sapat na pambungad hanggang sa makita n’yo mismo ang bagay na ipinapangusap ko. At ang unang anak, si Esau, na ipinanganak; natuklasan natin na di lang sila nagkakagirian at nag-aaway sa sinapupunan ng kanilang nanay, pero sila’y iniluwal mula sa nanay, na nag-aaway, lumabas si Esau, at si Jacob ay nakahawak sa kanyang sakong. At sila’y patuloy pa rin na nag-aaway.

15 At papaano ’yun, na mangyayari ang ganoon na nanggagaling sila sa ganap, dalisay, na pinili’t, hirang, na itinalagang tatay o nanay! Kaya para batayan, hayan nga, na ang Diyos ay tumatawag sa pamamagitan ng pagpili. Marapat nga mismo. Kahit na gaano pang kabuti ang inyong tatay at nanay, gaano man silang kabuti, gaano mang ka-Cristiano ang inyong tatay at nanay, nakasalalay pa rin ito sa inyo bilang indibiduwal, ang inyong katayuan sa harap ng Diyos. Itinuturo ’yan ng pag-aaral na ito, na sila, kapwa mga anak, na maging sa pamamagitan ng mga pinili’t tinawag ng Diyos, na tatay at nanay, isang malinis na babae’t isang banal na lalaki, na sa dulo’y tumugaygay sa kanyang binhi’t lumabas si Jesus Cristo. Siya’y ipinanganak na animo’y mula sa patay. Siya’y sinubok, ang tatay nga niya na nauna sa kanya. At siya’y pinangakuan, sa pamamagitan ng binhing ito ni Isaac, na ang buong mundo’y maliligtas. At mula sa isang lalaki na gaya nun, at kanyang dugo na purong-puro na hindi nga pahihintulutan ng Diyos na mahipo man ng Filisteo ang nanay, matapos na ibigay siya ni Abraham sa kanya. Sinalot ng Diyos ang bahay niya, at sinabi, “Ikaw ay animo’y gaya sa isang patay,” pinapanatili ang dugo na ’yun na puro. At ang Rebekah na ’yun, isang matuwid, banal, ipinadala-ng-Diyos at tinawag-ng-Diyos na nanay. At mula sa banal na binhi na ’yun ay lumabas ang isang suwail at isang mananampalataya. Kita n’yo? Kaya ito’y nakasalalay sa pagtawag ng Diyos, sa pagpili ng Diyos.

16 “At bago pa ang isa sa kanila’y maipanganak, ang sabi ng Diyos, ‘iniibig ko si Jacob at kinapopootan si Esau,’ bago pa ang isa sa kanila’y maipanganak.” Kaya gaano na lang ang mararamdaman natin. Isang tao na ang Diyos ay mangungusap at aanyayahan kayo na pumaroon sa Kanyang hapag at Kanyang Tahanan, at maging Kanyang anak na lalaki o anak na babae, wala nang mas dadakila pa riyan.

17 Ang dalawang kabataang lalaki na ito, kung papansinin natin ang kalikasan nila, ang isa sa kanila ay espirituwal na lalaki, si Jacob. At ang karnal na lalaki ay si Esau. Pero kapwa sila relihiyoso. At ang siya ring bagay ay nangyayari sa pagtugaygay ng kapanahunan, ang karnal at ang espirituwal.

18 Kinakatawan ni Esau ang tao ng mundo, natural, relihiyoso, pero hindi naging ganoon. Wala sa kanya para maging ganoon. Hindi niya ’yun magagawa. Talagang wala sa kanya para mapagtagumpayan ang mga bagay ng sanlibutan, ang karnal na bagay.

19 Pero, si Jacob, napakadali nga para sa kanya na gawin ’yun. Ngayon, si Jacob, isang pakay na mayroon si Jacob noon, ay ang kanyang pag-aasam sa karapatan ukol sa pagkapanganay, kahit na sa anong paraan pa niya ’yun makuha, ay dapat na makuha niya.

20 At ang espiritu na ’yun ng isang kapanganakan ay kinakatawan pa rin sa mundo ngayon, at ito’y papunta na sa isang paglalantad ngayon: ang espirituwal na mananampalataya; at ang karnal na tao, karnal na mananampalataya. Walang makapagsasabi na di sila kapwa relihiyoso. Sila nga’y relihiyoso. Hindi nila sinabi roon na ang isa’y naglilingkod sa isang “diyus-diyosan” at ’yung isa’y sa “Diyos.” Kapwa sila mga lingkod ng Diyos.

21 Ngayon, bigyang-pansin n’yo maigi ang Mga Kasulatan ngayon ukol sa paksang ito, dahil sigurado ako na makakatulong ito sa inyo. Kita n’yo? Ngayon, “Hindi lahat ng nagsasabi, ‘Panginoon, Panginoon’ ay makakapasok, bagkus ang gumagawa sa kalooban ng Aking Ama na nasa Langit.”

22 Ngayon kung papansinin n’yo, may isang bagay si Jacob na nais niya, dahil, batay sa Salita, ang mga pagpapala at ang—ang mabuting bagay ay nakalagak sa pagkapanganay. At, si Jacob, ’yun ang tangi niyang layunin, ang tanging bagay na nasa isip niya’y “makuha ang karapatan na ’yun ukol sa pagkapanganay.” At hinahamak ito ni Esau. Yung tao na taglay ’yun, hinahamak ito, o kanyang ikinahihiya ito. Pero ninanais ’yun ni Jacob na di alintana kung sa paanong paraan niya ’yun makukuha, ninanais niya ’yun.

23 Ganyan din ito sa espirituwal na mananampalataya sa panahon ngayon. Hindi niya alintana kahit na gaano man siya pagtawanan, gaano man siya libakin, gaano mang katawa-tawa

ang kilos niya sa karnal na pag-iisip. Ang tanging layunin niya ay ang pagkapanganay. Nais niyang makadako sa Diyos, dahil ipinanganak 'yun sa kanya. Hindi niya 'yun maiiwasan.

24 Ang ibig sabihin ng *Jacob* ay "mang-aagaw" o "mandaraya." Pero matapos niyang masumpungan at makamtan ang karapatan na 'yun ukol sa pagkapanganay, siya'y nabago. Yung pagkakarnal, nabago. Ang tawag sa kanya dati'y, Jacob, isang "prinsipeng kasama ang Panginoon," na nakipagbuno sa Diyos.

25 Ang karnal na mananampalataya ngayon, "Oh, basta't dumadalo ako sa simbahan at ginagawa ang mabuti, anong kaibhan nun?" Yun ang grupo ni Esau. Nililibak niya pa rin at hinahamak ang pagkapanganay, wala siyang pakialam dun. Pero iniibig ito ni Jacob.

26 At ang espirituwal na lalaki sa ngayon, at espirituwal na babae, na mga hinirang, pauna nang itinalaga ng Diyos na lalapit sa Buhay na Walang Hanggan, kahit na ibenta man nila ang lahat ng bagay na mayroon sila, kahit na kailangan nilang alisin ang pangalan nila mula sa libro ng simbahan sa bansa, ang nais pa rin nila'y ang karapatan na 'yun ng pagkapanganay. Yun lang ang bagay na mahalaga sa kanila, "ang makuha ang pagkapanganay na 'yun," 'yun lang. Kahit na gaano pa't, anumang estado na sila'y dudulog, kahit kailanganin pa nilang magpatirapa sa may altar at hahagulhol, boo-hoo, kahit na kailanganin nilang tugaygayin ang—ang—ang mga dako at bumalik at itama ang mga bagay-bagay, at ibenta ang mayroon sila, o—o ipamigay ang lahat ng bagay na mayroon sila't maging manlalakbay at estranghero, hindi 'yun mahalaga. Ang nais nila'y ang pagkapanganay. Yun ang tanging bagay na interesado sila, ang pagkapanganay. Ngayon, huwag n'yong sisihin ang ganoong mga tao. Hindi nila 'yun maiwasan. Sila'y itinalaga na noong una para dun, mga hinirang para rito.

27 At pagkatapos makikita natin itong dalawa, 'yung karnal at espirituwal na mga tao, ganoon na ito noon pa. Ganoon ito ngayon. Ganoon ito sa tuwina.

28 Sina Cain at Abel. Sa halamanan ng Eden, noong likhain ang Eden, naroon ang dalawang punongkahoy para pagpilian ng tao. Ang isa, siya'y magiging madunong; 'yung isa, siya'y magiging Buhay. Naroon ang dalawang anak na lalaki, sina Cain at Abel, kapwa sila relihiyoso. Ang isa sa kanila'y nag-asam ng Buhay na Walang Hanggan, at nag-alay siya sa Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya, ng mas mabuting hain kaysa kay Cain. Isang ganap na tipo ng mga kaiglesyahan ngayon: ang iglesyang natural, iglesyang espirituwal. At walang duda na anupa't nangungusap ako sa kapwa klase na ito ngayon, at marahil maski sa teyp ay mangungusap sa sampung makalibo nila.

29 Pero, tingnan n'yo, ang iglesyang natural, ito'y karnal lang na iglesya. Hindi sila makaalpas dun sa munting bagay ng

"kaanib ako sa iglesya. Kung dumadalo ako ng simbahan, kung gagawin ko ang pinaka mainam na makakaya ko, 'yun lang ang tanging hinihingi ng Diyos." Ngayon, 'yun din ang ginawa noon ni Cain. Nagtungo siya't nagtayo ng isang dambana. Naghain siya ng alay, nagdala ng mga bunga ng lupain. At ang sabi niya, "Heto na, Diyos. Ito na ang pinaka mainam na mayroon ako. Bahala na kung tanggapin Mo ito o ayawan man." Ganoon ang paniniwala ng karnal na mananampalataya ngayon. "Panginoon, dadalo ako sa simbahan. Sasapi ako sa pinaka mainam na grupo na mahahanap ko. Magbabayad ako ng mga dapat kong bayaran sa simbahan. Gagawin ko ang tama. Ngayon, heto ang pinaka mainam na magagawa ko. Tutulong ako na bumili ng uling para sa balo. O, magbibigay ako ng mga damit sa mga bata." Maiinam ang mga 'yan, wala akong masamang bagay na masasabi laban diyan. "Pero 'yun na 'yun, 'yun na ang lahat. Kung nais Mo ito, kunin Mo; kung di Mo nais, hindi Mo kailangang kunin." Ngayon, 'yan ang ugali ng iglesyang karnal sa panahon ngayon.

30 Pero ang iglesyang espirituwal! Si Abel, sa pamamagitan ng kapahayagan, sa pamamagitan ng biyaya, mas malayo roon ang nakita niya, at sa pamamagitan ng pananampalataya ay nag-alay siya sa Diyos ng mas mainam na hain kaysa kay Cain. At pinatotoo nun ang kanyang katuwiran, ang Diyos.

31 Nangyari ang ganoon ding bagay kina Ismael at Isaac. Ang isa'y sa laman, at ang isa'y sa Espiritu. Ang isa'y, sa aliping babae; ang isa'y, sa malayang babae.

32 Nangyari ang ganoon ding bagay sa Israel at Moab, dalawang malalaking iglesya na nagtagpo. At noong nagnanais ang Israel na makadako sa kanilang ipinangakong dako, ang iglesyang espirituwal, ang bayan ni Jacob, ang Israel na nasa paglalakbay; nakatagpo sila ng bayan ni Esau, ang Moab, ang iglesyang makapangyarihan. At ang bantog na pinuno ng iglesyang 'yun, si Balaam, siya'y pumaroon para sumpain ang kanyang kapatid, pero natuklasan niya na hindi niya maaaring sumpain ang kanyang kapatid. Nabigo siya, dahil sa bulag ang kanyang mga mata, na makita ang itinalaga na noong una pa na plano, na 'yun, at nabigo siyang makita ang Salita ng Diyos.

33 Una, "Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, pakikinig ng Salita ng Diyos." Pagkatapos maririnig Ito ng mananampalataya, mapagkikilala Ito, at kikilos Dito. Maririnig Ito ng karnal na tao, ang tunog Nito, pero kailanman ay hindi . . . Ang ibig sabihin ng *pakinggan* ay "unawain" Ito. Ang tingnan, 'yun ay tumingin sa isang bagay; pero ang *makita* ito, 'yun ay ang "maunawaan" ito. "Maliban na ang isang tao'y maipanganak na muli, hindi niya makikita o mauunawaan ang Kaharian ng Diyos."

34 Ngayon, hetong dumarating ang Israel, dumarating na kamit ang pangako ng Diyos, na sila'y patungo na sa ipinangakong lupain. Hindi mga walang Diyos, kundi mga mananampalataya, mananampalataya ng siya ring Diyos ng Israel, lumabas dun para subukang sumpain ang kanyang kapatid, dahil ang sabi niya'y ang kanyang kapatid ay ganoon, na tunay na di-matuwid dahil nakagawa siya ng maraming mga bagay na masasama. Pero, nakita n'yo, nabigo siyang makita ang paghirang.

35 Ganoon din kina Esau at Jacob! Mukhang si Esau ang mas mainam na lalaki. Nanatili siya't gumagawa ng kawang-gawa na mga bagay. Kanyang—kanyang inaalagaan ang kanyang matandang bulag na tatay, dinadalhan niya ng karne ng usa at inaalagaan siya, at talagang mabuti siyang anak. Maraming bagay mismo na nagagawa ng karnal na mga mananampalataya sa linya ng relihiyon, tumutulong sa mga lipunan, at—at binabayaran ang bayarin sa ospital ng mga tao, at relihiyosong mga bagay, pero hindi 'yan ang tinutukoy ko.

36 Ang Moab ay mainam, isang dakilang bansa, isang kapatid sa kanya. At si Jacob nga'y nakagawa ng kung anu-ano't lahat na, ito'y naging isang suwail; pero may isang bagay nga siya na nais maabot, 'yun ay ang makamit ang pangako, ang karapatan na 'yun sa pagkapanganay. Hetong dumarating ang Israel, ang mga anak ni Jacob, na may siya ring layunin. Ngayon sino ang magiging tama?

37 Si Balaam ay nagtayo ng pitong dambana; sa Israel may pito ring dambana. Nag-alay si Balaam ng pitong hain na malilinis na hayop; ang Israel ay nag-alay ng pitong hain ng malilinis na hayop. Doon nga, kung titingnan sa aspetong rituwal, ang Moab nga'y kasing relihiyoso ng Israel, si Esau ay kasing relihiyoso ni Jacob, at si Cain ay kasing relihiyoso rin ni Abel. Pero, ang paghirang ang mahalaga.

38 Ganoon na lamang kabulag! Ganoon na lamang kabulag ang mga anak ni Esau, sa espirituwal na aspeto, ang mga Moabita, sa pagtanaw nila sa Israel at pagsasabi, "Tingnan n'yo sila. Hindi sila denominasyon. Sila'y grupo lamang ng mga suwail. Naninirahan sa mga tolda. At tayo'y isang dakilang bansa. Nakagawa sila ng masama. At wala silang organisasyon sa kalagitnaan nila. Pahapay-hapay lang sila, na sunud-sunuran sa isang propeta." Pero bigo niyang makita ang Ahas na Tanso at ang hinampas na Bato na umuusad sa harapan nila. Bigo siyang makita ang mga tinawag-palabas, na hinirang na grupo na 'yun na sumusunod sa Makalangit na atas ng Diyos na tumungo sa lupang pangako.

39 Ganyan din ito sa panahon ngayon. Sinasabi nila, "Grupo lang 'yan ng mga holy-roller. Grupo lang 'yan na *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*." Pero bigo silang makita na sumusunod ito sa direksyon ng Salita ng Diyos.

40 Umuusad ang Israel sa daan niya tungo sa lupang pangako. Ang Diyos, sa Kanyang Salita, ay nangako.

41 Si Jacob, ang dahilan kung bakit pinili niya na masumpungan ang pagkapanganay na 'yun, kahit anong mangyari, na gustung-gusto niyang makamit 'yun, ay dahil alam niya na ang pagkapanganay na 'yun ay nagtataglay ng mga pagpapala. Taglay nun ang buhay. Hindi niya alintana kung paano 'yun maaabot, basta't makuha lamang niya. Yun ang pangunahing bagay. Kung sa paanong antas 'yun dumating, hindi 'yun ang mahalaga. Ninanais niya 'yun. At kinakailangan niyang makuha 'yun. At nakamit niya. "Mapalad sila na nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, sila'y bubusugin." Siya'y nasa kanyang daan, at kanyang tinatalunton ito, at kanyang natanggap ito.

42 Nasa daan noon ang Israel patungong lupang pangako. Kahit na gaanong karaming Moabita't mga sumpa ang sinusubukan nilang ibaling sa kanila, sila'y diretso lang sa pag-usad patungo sa pangakong lupain.

43 At sa panahon ngayon hindi n'yo kailanman. . .kahit na gaanong batas ang kamit nila, gaanong pag-uusig, gaanong pang-aapi, gaanong karaming masasamang bagay ang sabi-sabihin nila, gaanong karaming beses man na mambansag sila ng "holy-roller," gaanong karaming beses na sabi-sabihin nila ang masasamang bagay na 'yun, uusad at uusad ang iglesya. Marapat lang. Ito'y nananatili sa Salita ng Diyos.

44 Isang beses dalawang hari ang nagtagpo. Ang isa sa kanila'y si Ahab, ang masama, 'yung isa ay si Josaphat; iglesyang espirituwal, iglesyang karnal.

45 Si Ahab ay isang alanganing mananampalataya. May mga propeta siya. Hindi sila mga walang Diyos. Hindi sila sumasamba sa diyus-diyosan. Sila'y mga propetang Israelita, pero lahat sila'y tinuturuan at pinapakain at dinadamitan ni Ahab na hari. Humantong sa kalagayan kung saan lahat sila'y tinataguyod ng pulitika.

46 Pumasok si Josaphat, nagtungo roon, nakipag-alyansa, na bagay na mali.

47 Hindi kayo dapat nakikipamatok sa mga di-mananampalataya. Hindi dapat natin gawin kailanman, sa anumang pamamaraan, na ilagay ang mga pangalan natin sa mga libro sa mga simbahan na hindi naniniwala sa buong Ebanghelyo. Hindi kailanman! Magkakaproblema kayo.

48 At nagkaproblema sila. At ang sabi ng matuwid na lalaking ito, "Hindi ba dapat isangguni muna natin ito sa Panginoon, at alamin natin kung dapat ba tayong magtungo sa Ramoth-Galaad?"

49 Ngayon tingnan n'yo kung gaanong kaganap kung titingnan ang mga bagay-bagay. "Pagmamay-ari natin ang Ramoth-Galaad. Pag-aari natin ito, at inagaw lang ito ng mga taga-Siria mula sa buhay na Diyos. Hindi ba't dapat tayong umahon dun at kunin ang lupaing ito?" At ganoon na lamang kaganda ang kanyang talumpati, at alinsunod mismo sa batas, at makatuwiran mismo, hanggang sa mahulog dun si Josaphat.

50 At, sa panahon ngayon, may kakayahan ang mga kalalakihan na tumayo sa pulpito taglay ang pagka-intelektuwal at paggawa ng talumpati, at edukasyon, hanggang sa kaya nilang ipaliwanag ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo na malayo sa Biblia. May kakayahan sila na ipaliwanag ang Makalangit na pagpapagaling na malayo. Magagawa nilang ipaliwanag ang pagsasalita sa iba't ibang wika at pagpapaliwanag, magagawa nilang ipaliwanag ang bautismo ng Espiritu Santo, na para sa ibang panahon.

51 Pero ang isang tao na pinili ng Diyos, isang tao... "Napagkikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig." Sa pagtataglay n'yo ng paghirang na 'yan ng Diyos sa inyo, hindi kayo nito matitisod.

52 Ang sabi ni Josaphat, ang sabi ng matuwid na hari, "Hindi kaya't mayroon pang isang propeta, na masasangguni natin ang Panginoon?" Kumikilos kasi si Ahab na wala 'yun.

53 Ganyan ang ginagawa ng iglesyang karnal sa panahon ngayon. Oh, may mga seminaryo sila na punung-puno ng mga mangangaral, mahuhusay na kalalakihan, magagaling na propesor, intelektuwal, matatalino, matatalas ang pag-iisip, oh, grabe, lampas nga mismo sa—sa talas ng isip ng iglesyang nat-. . . o ng iglesyang espirituwal.

54 Noong panahon ni Noe, noong panahon na 'yun, tingnan n'yo ang iglesyang natural. Ano sila? Mga siyentipiko, mga tagapagtayo, matatalinong kalalakihan. Pero ang mga hinirang, sina Enoc at Noe, sila'y mga pastol at mga magsasaka, mababa, hindi edukado, hindi matalino, pero nakikilala ang kanilang Diyos; may kung anong bagay sa kanila, na kumikilos, tumatawag. Dadako tayo riyan maya-maya.

Ngayon, kaya ang sabi ni Josaphat, "Mayroon bang isang propeta?"

55 Oh, siyanga't, mayroong ganoon ang mga karnal. "Oo naman, mayroon kami. Mayroon akong seminaryo rito, na punung-puno nila."

56 Naglabas dun ng apatnaraan. Ngayon, hindi mga walang Diyos ang mga ito. Sila'y mga mananamba ng Diyos-na-Jehovah. Pumaroon, at ang sabi nila, "Bigyan n'yo kami ng kaunting panahon at magpropropesiya kami." At kaya nagtipon-tipon silang lahat. At sila'y bumalik na dala, "Itong Salita ng Panginoon," at ang sabi nila, "GANITO ANG SABI NG

PANGINOON." Mga propetang Israelita. "GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Umahon kayo, ang Panginoon ay kasama n'yo. At makukuha n'yo ang Ramoth-Galaad, dahil ito'y tunay na pagmamay-ari ng Israel." At isa sa mga namumunong lalaki dun ay gumawa para sa sarili niya ng dalawang naglalakihang sungay mula sa bakal, bilang pagsasalarawan, at siya'y umakto na tumutulak. Ang sabi niya, "Sa pamamagitan nito ay itutulak n'yo ang Israel. . . o itutulak ang mga taga-Siria palabas ng Ramoth-Galaad."

Pero, si Josaphat, talagang may kung anong bagay sa kanya!

57 Oh, umaasa ako na ilagay ito ng Diyos sa puso n'yo. Walang bagay na makalalagay n'yan maski edukasyon sa ganang sarili n'yo. Walang bagay na makalalagay n'yan maski pagbabasa sa ganang sarili n'yo. Ito'y sa Diyos, sa pamamagitan ng paghirang, na gagawin 'yan para sa inyo. "Hindi ang tumatakbo o ang nagpapaki- . . . Ang Diyos ito na nagpapakita ng habag."

58 Sabi ni Josaphat, "Sila'y mga kalalakihan na magagara ang bihis." Walang duda na nakapagsabi siya ng bagay na tulad nito, "Matatalino sila, at pinaka matatalinong kalalakihan na napakinggan ko kailanman. Sila'y edukado hanggang sa pinaka sandali. Ang tayo nila'y may pagkakasundo. May dakilang pagkakaisa sa kalagitnaan nila. At matatalino sila, at kamit nila ang napakaraming Katotohanan."

59 Lahat ng pagkakamali ay may Katotohanan. Ang pinakamalaking kasinungalingan na nasabi ay may siyamnapu't- . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] na porsiyentong Katotohanan doon, ang kasinungalingan na sinabi ni Satanas kay Eba.

60 "Oh, napakarami ngang Katotohanan sa bagay na sinasabi nila, pero mayroon pa bang isa pa?"

61 Buweno, ano sa palagay n'yo ang sinabi ng lalaking 'yun? "Bakit pa't apatnaraan na ang narito, na pinaka matatalino, pinaka magagaling? Ang mga ito'y hindi mga taga-ilang na patakbo-takbo na halos hubad na, at may nakabalot sa katawan na balat ng tupa, o kung ano. Sila'y mga kalalakihan na pinakain ko, na binigyan ko ng edukasyon. Hindi sila mga kalalakihan na walang alam sa ABC nila. Mga iskolar sila, at nalalaman nila ang bagay na 'yun. Nananatili sila, araw at gabi, na binabasa ang mga balumbon ng aklat at propesiya. Alam nila kung ano ang tama. Pinaging handa ko na sila. At nakatayo sila rito na nagkakasundo, apatnaraan sila, na sinasabi, 'Umahon ka, ang Diyos ay kasama mo.'"

62 Pero kung mababasa ko ang isip ni Josaphat nung mga sandaling 'yun, "May kung anong bagay na di tumatala," marahil sasabihin niya. "May kung anong bagay na di tama. Mayroon pa kayang isa pa, sa kung saan?"

63 "Oh," ang sabi niya, "oo, mayroon pa namang isa pa, pero hindi siya kasapi ng organisasyon. Iba siyang uri. Suwail siya." Katulad siya ni Jacob. "Pero sige't tanungin natin siya. Sinasabi nila na propeta siya. Pero duda ako, dahil lagi niya akong sinusumpa, na sinasabi 'yung *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*, o kailanman ay di siya nagpropropesiya nang maganda ukol sa akin." Papaano ngang ganoon siya? Kita n'yo?

64 Kaya ang sabi nila, "Sige't sunduin natin siya. Anak siya ni Imla." Kaya nagtungo sila't sinundo siya.

65 At may sumalubong sa kanya sa daan, ang sabi, "Ngayon, sabihin mo dapat ang parehong bagay na sinasabi nila. Kinakailangan mong sumang-ayon sa asosasyon nila. Kung hindi, sa aba mo!"

66 Ang sabi niya, "Sasabihin ko lang ang bagay na ilagay ng Diyos sa aking bibig na sabihin, at wala nang iba pa."

67 Pagkatapos noong makadako siya roon, at binigyan nila siya ng isang gabi, ang sabi niya, "Umahon ka, pero nakita ko ang Israel na nagkalat na parang mga tupa na walang pastol."

Tapos ang sabi ni Ahab, "Hindi ba't sinabi ko na sa iyo?"

68 Ngayon, 'yan nga'y apatnaraan laban sa isa. Apatnaraan na pinagsanay, matatalino, edukado, intelektuwal na mga kalalakihan laban sa isa na hamak na mangmang, gaya ng matatawag natin sa kanya, si Micaya. Isang lalaki, pero sa kabila nun ang lalaking 'yun ay taglay ang Salita ng Panginoon, 'yun ang nagpaging iba. Bawat isa sa kanila'y bulaan, napatunayan na bulaan. Bakit ibang-iba si Micaya? Kinakailangan ba niyang maging mahirap, para maiba? Hindi. Ang. . .Ang bagay na nagpaging iba kay Micaya, ay dahil nanatili siya sa Salita. Sa Salita nga ng Diyos siya nanatili.

69 Ngayon ipinangako, na sa huling mga araw na ito, "Ibubuhos ng Diyos ang Kanyang Espiritu." Ipinangako 'yun sa pamamagitan ni Daniel, na, "Ang mga tao, sa huling mga araw kapag tumama na ang bato sa paa ng imahe, ang mga taong nakakakilala sa kanilang Diyos ay gagawa ng mga kabayanihan." Propesiya pagkatapos ng propesiya! At ang lahat na mga seminaryo, ang mundo, ay di 'yun mapapawi. Gagawin at gagawin 'yun ng Diyos, ano't anuman, at susunod dun ang mga tao. Kita n'yo? Ang karnal at ang. . .Ang iglesyang natural at ang iglesyang Sobrenatural. Kita n'yo, ang Salita ang nagbubunsod ng kaibahan.

70 Yun ang naisip ni Jacob, "At kahit ano pa, alam kong hindi ako pagpapalain maliban lamang na makuha ko ang pagkapanganay na 'yun. Yung karapatan na 'yun sa pagkapanganay ang kailangang-kailangan kong makuha."

71 At, pero ayaw 'yun ni Esau, at ganoon ding bagay ang ginagawa ng kanyang mga anak, siyanga, hanggang sa panahon na ito. Inaayawan nila ito. Ganoon na ito noon pa.

72 Sa tuwing may rebaybal, lagi itong nagpapausbong ng kambal. Siyanga't magaspang na pananalita 'yan, pero totoo. Noong magkaroon ng kapanganakan, mula kay Isaac at Rebekah, nagluwal 'yun ng kambal. Noong likhain ang mundo, nagbunsod 'yun ng kambal, dalawang puno. At noong sina Cain at Abel ay ipinanganak, namunga 'yun ng dalawa. Noong sina Ismael at Isaac ay ipanganak, nagbunsod 'yun ng dalawa. At noong maipanganak sina Esau at Jacob, nagbunga 'yun ng dalawa. Ang isa ka kanila, natural (ang isa sa kanila, ukol sa lupa); 'yung isa naman, Sobrenatural. At isa'y nakatingin sa natural, ang intelektuwal; ang isa nama'y lumakad sa Espiritu. Ganoon Ito sa tuwina. Noong umusbong ang iglesyang Lutheran. . .

73 Kunin muna natin ang Pentecostes, unang-una. Tingnan n'yo ang Pentecostal na kapanganakan. Nagbunga 'yun ng isang dakila't, makapangyarihang rebaybal na lumaganap sa kilalang mundo, ang Pentecostes. Hindi pa nagtatagal pagkatapos ng Pentecostes na nagsabi si Pablo, na, "Lilitaw ang mga kalalakihan sa kalagitnaan nila, na may binaluktot na mga bagay, at ibubunsod ang mga tao na lumayo sa Diyos." At ganoon mismo ang ginawa nila. Nagbunsod 'yun ng dalawa.

74 Noong isilang ang iglesyang Lutheran, nagpasimula si Martin Luther ng isang espirituwal na rebaybal. Hindi nagtagal hanggang sa dumating si Esau, kasunod niya, at inorganisa ito. At nagbunsod ito ng dalawa.

75 Pagkatapos nun, dumating ang Methodist, si John Wesley, isang espirituwal na rebaybal. At pagkatapos nun, dumating ang organisasyon, inorganisa ito. At nagbunsod 'yun ng dalawa.

76 At pagkatapos nun, dumating ang Pentecostal, isang rebaybal. At ngayon inorganisa nila ito, at ngayon nanatili sila sa pagiging organisasyon. At nagbunsod 'yun ng dalawa.

77 Pero ang espirituwal na binhi ng buhay na Diyos, kahit ito'y kailangan maging isang nangingibang-bayan, kahit ito'y kailangan maging isang pagala-gala, ito'y nagdudulot ng paghihiwalay sa tuwina. Hindi masyadong matagal na nanatili si Esau na kasama si Jacob. Noong makuha na ni Jacob ang karapatan sa pagkapanganay (purihin ang Diyos), nagbunsod 'yun ng paghihiwalay. At kapag ang isang tao. . .Wala akong pakialam kung anong iglesya ka kabilang, kung ito'y karnal, at ang mga kaugnayan na nakakasama mo, ang mga taong nakakasama mong maglaro ng baraha, at ang mga literaturang sosyedad n'yo, at iba pa; kapag nakuha n'yo na ang karapatan ukol sa pagkapanganay, na may bagay na nasa kaibuturan ng inyong puso na nagugutom para sa Diyos, kapag natanggap n'yo

'yun, nangangailangan nga 'yun ng paghihiwalay. "Lumabas kayo mula sa kanila, at mahiwalay, ang sabi ng Diyos." Paghihiwalay!

78 Napag-iwanan ang iglesya. Kita n'yo, hindi ito makausad. Si Esau ay isang eksaktong tipo ng karnal na mananampalataya sa panahon ngayon, hindi nagawang pagtagumpayan ang sanlibutan. Hindi niya napagtagumpayan ang mga bagay ng sanlibutan. Nahihilig pa rin sila sa kanilang paglalasing, kanilang sayawan, kanilang manikyur at pagme-meykap at, ang mga kababaihan, sa kanilang mga mukha, at—at pagpapaputol ng kanilang buhok at—at pananamit nitong hamak na maiiksing damit; at—at wiling-wili ang kalalakihan na magpunta sa bilyaran, at—at paninigarilyo, at pagkukuwento ng mahahalay na biro; at kasapi pa rin sa iglesya. Hindi nila nagawang pagtagumpayan ang mga bagay na 'yun. Ganoon din si Esau. Pero sa kabila nun, sa pagiging relihiyoso, kinailangan niyang mamalagi sa kanyang intelektuwal na pag-iisip. Ganoon na ganoon ito sa iglesya sa panahon ngayon. "Magiging organisasyon tayo. Titipunin natin ang ating sarili. Gagawa tayo ng kapisanan, o ng samahan, o bagay na parang ganoon."

79 At ganyan na ganyan ang kilos ng iglesya sa panahon ngayon, ang espirituwal at ang karnal, ganoon pa rin. Hindi nagbago, at kailanman ay di magbabago.

80 Ang kabanalan ng Diyos. Ang Diyos, sa pagiging Diyos, ay inilalabas 'yun, sa Kanyang Sarili. Kung walang makasalanan, wala ngang. . .Hindi Siya magiging isang Tagapagligtas. Pero Siya'y Tagapagligtas na sa simula, siyanga't walang nawaglit. At ang Kanyang Sariling mga katangian ng pagiging isang Tagapagligtas, ay ibinunsod ang isang makasalanan, dahil kailangan ng bagay na dapat mailigtas. Bago magkaroon ng bagay na dapat iligtas, kinakailangan na may bagay na mawawaglit. At ang Kanyang katuwiran at Kanyang kabanalan! Kung walang tao na—na may sakit, hindi sana Siya naging isang tagapagpagaling. Pero mula sa simula, at ukol sa simulain, Siya'y bago pa ang simula. Siya'y isa nang tagapagpagaling. Mangyaring walang bagay na may sakit, kaya ibinunsod nito ang isang taong may sakit, nang sa gayon ay Kanyang pagalingin sila, para mapaging tagapagpagaling Siya.

81 Mula sa siya ring Banal na Dako sa ibayo dumating ang kaligtasan, dumating ang mga sumpa. Mula sa siya ring nanay at tatay na nagpalabas kay Jacob, ay pinalabas si Esau. Kita n'yo? Ang Diyos ito. Hindi Siya maaaring magbago ng Kanyang plano. Kailangan na magpatuloy ito na ganoon pa rin. Ang buong kalikasan ay lalakip mismo rito. Kinakailangan nga. Nakukuha n'yo ba ang ibig kong sabihin? Pinakikilos ito roon. Kinakailangan na may mawaglit, para mailigtas. At kung wala, Siya, ang Kanyang. . .Siya sa pagiging isang Tagapagligtas ay ginawa 'yun. Ang kalaliman ay tumatawag sa Kalaliman.

82 Gaya nung munting binatilyo na lagi kong nababanggit, na kinakain ’yung pambura dun sa mga lapis, at ’yung pedal mula sa bisikleta, kailangan nung binatilyo ng sulfur. At hangga’t naroon ang bagay na nananabik nang labis sa sulfur, may sulfur sa kung saan, muna, na nilikha. Kinakailangan munang may sulfur bago siya manabik nito. At ito, ang sulfur, ay inilabas siya, pagkatapos bumaling siya pabalik sa sulfur na ’yun.

83 Sa ganoong paraan ang Diyos ay isang Tagapagligtas. At kinakailangan na may bagay na mawaglit, para Kanyang iligtas, para mapaging Tagapagligtas Siya. Yun mismo ang ibinubunsod nun, para maipakita na Siya’y Diyos. Ang lahat ng bagay, ang lahat ay nasa Kanya; hindi sa isang mangangaral, hindi sa isang iglesya, hindi sa isang organisasyon, pero sa Diyos, nang sa gayon ang paghirang ay maging sakdal. Kita n’yo? Naroon nga sa Kanya. Oo. Ang Lutheran . . .

84 At pagkatapos may nakita pa tayong isang paghihiwalay, ’yun ay sina Abraham at Lot. Sila’y magkapatid. Pero si Lot ay isang karnal mag-isip. Lagi siyang naroon na ang hanap ay bagay na enggrande, bagay na puno ng kinang. Gaya ng isang unggoy, tulad ng nababanggit ko, laging umaabot sa mga bagay na kumikinang. Ang espiritu na ’yan ay di umalis sa mga tao, sa panahon ngayon. Umaabot sila sa . . . Nagpupunta sila sa siyudad, at ayaw nilang pumunta sa isang munting dampa na tulad nito. Kita n’yo? Ang gusto nila’y ang pinaka malaking simbahan na mayroon sa siyudad, ang pinaka intelektuwal na pastor, kung saan nagpupunta ang mga tao na pinakamagagara manamit, kung saan nagpupunta ang alkalde, sa siyudad. Naroon pa rin ang espiritu ni Esau. Tunay namang kamit ang pagkapanganay, sa simula, tinatawag ang kanilang mga sarili na Iglesya, pero nawaglit nila ito dahil hinamak nila ito. Hindi n’yo mapapaluhod ang mga tao na ’yun, at mapapaiyak at mabubunsod na magmakaawa sa Diyos, at pumunta at magkaroon ng gawain ng pagpapagaling, at tindigan ang pag-uusig ng mundo, tanggapin ang Espiritu Santo. At di nila—di nila nais gawin ’yan. Hinahamak nila ’yan. Ang bansag pa nga nila rito ay “isang grupo ng mga holy-roller.” Kung paano nga mismo ang sinabi ng Biblia na gagawin nila. Ginagawa nila ’yun dahil ’yun ang kalikasan nila. Dahil kalikasan. Gaya ng uwak at ng kalapati, ang dalawang kalikasan. Nananabik sila nang labis dito dahil ganoon sila. Hindi nila kailanman, kahit ano pa, na makikita ’yung kabila, dahil hindi sila isinilang na makita ’yun.

85 At ’yung isa, hindi n’yo talaga siya mapapaalis mula rito, dahil ito’y pagpili ng Diyos. Siya’y isinilang para maging isang espirituwal na lalaki o espirituwal na babae. May bagay sa kaibuturan niya na tumatawag dito. Oh, ako’y—ako’y umaasa na tumimo ito sa punto kung saan magagawa natin, magagawa

n'yong makita ang ibig kong—ibig kong sabihin, sa pagbibigay konklusyon dito ngayon. Ngayon si Abraham . . .

86 Alalahanin n'yo, hangga't sila'y may kaugnayan sa isa't isa, ang iglesyang natural at ang iglesyang espirituwal, hindi talaga nila makukuha ang pagpapala. Si Jacob ay di kailanman pinagpala hanggang sa inihiwalay niya ang kanyang sarili mula kay Esau. At si Abraham ay di kailanman pinagpala hanggang sa kanyang inihiwalay ang kanyang sarili mula kay Lot.

87 Si Lot nga'y may munting mga pagtitipon para sa panalangin sa kanyang simbahan sa dako roon, tinuruan ang mga anak niyang lalaki't mga anak na babae, at sila. Pero nabuhay siya ng isang pamumuhay, na anupa't, kapag dumadako siya roon na nangungusap sa mga tao tungkol sa katapusan ng panahon, tinatawanan nila siya.

88 Ganoon din sa panahon ngayon! Mangusap ka tungkol sa Makalangit na kagalingan at kapangyarihan ng Diyos, at iba pa, tatawanan lang nila ito. Yun din ang siya ring espiritu. Yun ang dalawang malaking espiritu, ukol sa relihiyon, na humahawak mismo sa mundo; ang mananampalataya at ang di-mananampalataya, ang mananampalataya at ang kunwang-mananampalataya, 'yung isa'y ginagaya 'yung isa pa. Ngayon noong ihiwalay ni Abraham ang kanyang sarili . . .

89 Napansin n'yo ba? Si Jesus, sa pangungusap Niya ukol sa Pagparito, sa ikalawang Pagparito, ang sabi Niya, "Katulad sa panahon ni Noe, sila'y magsisikain, mag-iinuman, mangag-aasawa, at pinapag-asawa." Pero noong mangusap Siya ukol sa panahon ni Lot, hindi Siya nagsabi ng anuman tungkol dun. "Gaya sa panahon ni Lot," nangangailangan 'yun ng kapahayagan.

90 Masdan n'yo ang nangyari noong panahon ni Lot. Naroon si Lot sa Sodoma, namamalagi na nang maayos dun, sa intelektuwal, siya'y naging, isa sa bigating kalalakihan ng siyudad, naging hukom, na nakaupo sa pintuang-bayan at naging hukom sa mga tao. Ang asawa niya'y kasapi ng lahat ng sosyedad na mayroon sa siyudad. At ang kanyang mga anak na babae, at lahat sila, nagsipag-asawa ng mga tanyag, intelektuwal, mataas ang edukasyon, matatalino, matatalas ang pag-iisip. At si Abraham ay nakatira lang sa isang tolda sa ilalim ng isang puno ng encina. Pero noong isang araw ay nakatanggap sila kapwa ng pagbisita.

91 At may intelektuwal na mangangaral na nagtungo roon at nangaral, at tinawag sila palabas. Masdan n'yo ang—masdan n'yo ang mensahe, "Lumabas ka na," ang sabi niya kay Lot.

92 At hindi nga sana siya tinawag palabas kung hindi lang sa awa ni Abraham. Sabi, "Kung makasumpong ako ng limampu, patatawarin Mo ba ito? Kung makasumpong ako ng tatlumpu? Kung ako . . . Kung makasumpong ako ng sampu?" Hanggang

doon ang kaya niyang maabot. At hindi nga Siya nakasumpong maski sampu sa kalagitnaan nila.

93 Hindi nakapagtataka, "Gaya sa panahon ni Noe." Alalahanin n'yo, si Noe ay hindi tipo ng Iglesya; kundi si Enoc, na hindi dumaan sa kapighatian, bagkus ay pinagbagong-dako bago magsimula ang kapighatian. Umuwi sa Tahanan si Enoc, hindi siya dumaan sa kapighatian. Si Noe ay dumaan.

94 Ngayon, masdan n'yong maigi ngayon habang tumutugaygay tayo rito. Masdan n'yo kung anong uri ng tanda ang nakamtan ni Abraham at ng pamilya niya. Nakamtan nila 'yung Sobrenatural. "Abraham!" Paano nalaman ng Diyos na siya si Abraham? "Nasaan ang asawa mo, si Sarah?" Paano Niya nalaman na kasal sila, o may asawa siya, si Sarah?

"Naroon po siya sa loob ng tolda."

95 Ngayon, isang Lalaki na nakaupo roon, kumakain ng karne, umiinom ng gatas, at kumakain ng tinapay na gawa sa mais, "Nasaan ang asawa mo, si Sarah?" Paano Niya nalaman ang bagay na ganoon? Paano Niya 'yun nalaman? Isipin n'yo. Inyong tinatawag. . .Kayo na mga espirituwal na tao, ibunsod n'yo nga na tumimo ito sa inyo. Paano Niya 'yun nalaman, gayong umaakto Siya na parang isang estranghero, maalikabok ang Kanyang damit?

At noong sabihin ni Abraham, "Naroon siya sa loob ng tolda, sa likod Mo."

96 At ang sabi Niya, "Ako nga'y. . ." "Ako, Ako," isang panghalip panao. "Ako," ang Lalaking ito, Diyos na ipinakikilala ang Kanyang Sarili sa laman. Diyos! Tinawag Siya ni Abraham na Elohim. "Ako, Ako'y dadalaw sa iyo. Tutuparin Ko ang Aking pangako. At ayon sa panahon ng buhay, Ako'y dadalaw sa iyo, at magkakaroon ka ng batang lalaking ito na ipinangusap Ko sa iyo." At si Abraham, ay siyento anyos na noon; si Sarah naman, nobenta.

97 At si Sarah, doon sa tolda; mga apat na maliliit na tolda ang layo, na ang pangunahing tolda ay naroon sa likuran. Sa likod ng tabing, nakikinig siya. Narinig niya 'yun. At sa kaibuturan ng puso niya siya'y napangisi, sabi, "Ako, isang matanda nang babae na halos sandaan taong gulang na, at ang aking panginoon," kanyang asawang lalaki, "ang panginoon ko, haya't matanda na, at ang isipin na kami'y magsisiping pa uli, gaya ng mga kabataang kasal? Oh, paano 'yun mangyayari?" At parang napangisi siya.

98 Nakatalikod nga si Elohim sa tolda. Ang sabi Niya, "Bakit siya tumawa?" Oh, kapatid, hayan nga!

99 Tingnan n'yo ang iglesyang karnal na ipinangaral ang Ebanghelyo sa kanila. Isang modernong Billy Graham at sila na nagtungo roon at ipinangaral ang Ebanghelyo, "Lumabas na

kayo rito!" Pero lumabas ba sila? Hindi. Kaunting, kaunting, kaunti lang.

100 Masdan n'yo ang grupo ni Abraham, ang mga tinawag-palabas. Ngayon pansinin. At nagbigay Siya sa kanya ng tandang ito, at kanyang sinampalatayanan Siya. Tapos naglaho Siya sa harapan niya, at umalis. Oh, ganoon nga noon pa ang paghihiwalay, ng mga tinawag-palabas!

101 Ngayon, ang dalawang espiritu na ito. Sige't para bilisan na ito, para bilisan na ngayon para makadako na ako sa punto na nais kong makita n'yo. Ang dalawang grupo na ito ay magkaugnay na magkaugnay sa isa't isa, sa pagtugaygay ng kapanahunan, mula pa sa mismong simula ng panahon; ang iglesyang natural, ang iglesyang espirituwal. Sila'y tumugaygay sa Lumang Tipan, tumugaygay sila sa Bagong Tipan, at narito sila hanggang ngayon.

102 Ngayon, mga dalawang libong taon ang nakararaan, nagtagpo ito, at nagtagpo ito sa dalawang lalaki: ang isa sa kanila, si Jesus Cristo; ang isa'y, si Judas Iscariote. Ngayon, iniugnay ni Jesus ang Pagparito, ang Kanyang ikalawang Pagparito, na ang dalawang espiritu na ito'y magiging ibang-iba kumpara sa kung ano sila noon. Ngayon dito ko gusto na isuot n'yo ang inyong—inyong Luwalhating mga kasuotan. Ang dalawang espiritu na ito'y magiging ibang-iba. Dahil, si Satanas ay dumating at nanahan sa isang tao na miyembro sa iglesya, si Judas Iscariote, nabuhay sa iglesyang karnal, at kaibigan ng iglesya sa tuwina. Pero dumating siya at—at nandaya, o iniisip na dinadaya ang kanyang kapatid. Dumating siya't nagpakilala na isa sa kanila; nakalasap ng mabubuting bagay ng Diyos, kumilos mismo sa daloy ng Espiritu, tila baga, humayo at nangaral ng Ebanghelyo, at nagpalayas ng mga diyablo. Pero sa kaibuturan niya, sa tuwina, siya'y Judas, sa simula't sapul. Ang sabi ng Biblia, "Siya'y ipinanganak na anak ng kapahamakan."

103 Ngayon alalahanin n'yo, may iglesyang karnal noon, ang Esau, ang mga Fariseo't mga Saduceo nga.

104 Pero masdan n'yo ang lalaking ito na iniisip niya ang sarili niya na isa mismong. . . Sumasabay siya sa Mensahe nang kaunting panahon, pero ayaw niyang ilagay ang kanyang mga kamay nang masyado Rito. Nakikita n'yo ang mga espiritung ito? Ang sabi ni Jesus, "Magiging malapit na malapit sa tunay na bagay, na dadayain nito ang mismong mga Hinirang," mga Hinirang, kung mapapansin n'yo, "kung maaari." Pero hindi maaari. Kita n'yo, ito'y mandadaya.

105 Ngayon masdan, hindi lang ang iglesyang karnal, ang naroon, ang nakagawiang iglesyang karnal, ang grupo ni Esau.

106 Ang mayroon sa atin ngayon ay ang grupo ni Judas, na mas mapandaya, higit na mas mapanlinlang, na nakakaabot mismo sa pinaka kamay ng pagpapala. Gaya dun sa Mga Hebreo

6 at 10, kung paanong sinabi niya, “Na minsang nakibahagi at nakalasap ng mga kapangyarihan ng mundong parating, at nagawa ang lahat ng mga bagay na ito; kung. . . at pagkatapos sa pagtanggap nila ng kaalaman ng Katotohanan, at pagkatapos ay sinasadya na tumalikod.” “Sinasadya,” ano ’yun? “Ibinibilang ang Dugo ng tipan, kung saan sila napaging malinis, na isang di banal na bagay.”

107 Hayaan n’yong bigyan ko kayo ng isang paglalarawan. Heto. Heto ang isang lalaki, siya’y isang mabuting lalaki, mainam na lalaki. Tinawag siya, naramdaman niya sa puso niya na nais niyang maging ministro. Buweno, tinanggap niya si Jesus bilang personal niyang Tagapagligtas. Siya’y mainam na lalaki, walang sinuman ang makapagsasabi ng masama laban sa kanya. Paglaon, dadaan siya sa pagpapaging banal. Nagnanasa pa siya noon sa tuwing titingin siya sa kababaihan. Siya. . . Naroon pa ’yun sa kanya. Kita n’yo? At pagkatapos, ang sunod, marahil naninigarilyo pa siya, at gusto niyang manigarilyo. Marahil gusto pa niyang magsugal. Marahil gusto pa niyang gumawa ng masamang bagay. Alam niya na di niya dapat ginagawa ’yun, kaya ang sabi niya, “Oh Diyos, Iyong ipahid ang Dugo ni Jesus sa akin, at pakalinisin ako.”

108 At siya’y napaging banal. Nakakasigaw na siya, nakapupuri sa Panginoon, nakagagawa ng mga bagay-bagay, rin, hahayo at gagawa ng bagay. Tandaan n’yo, sinabi ni Jesus na ang uri na ’yan ay mapaparito sa panahon na ’yan. “Marami ang lilitaw at magsasabi, ‘Panginoon, hindi baga’t nakapagpropesiya ako, nakapangaral? Hindi baga’t nakapagpalayas ako ng mga diyablo, sa Iyong Pangalan?’” Ang sabi ni Jesus, “‘Hindi Ko kayo kilala, kayo na mga manggagawa ng katampalasanan.’” Kita n’yo, hayun nga sila.

109 Ngayon masdan n’yo ito ngayon. Patungo na tayo sa makasanlibong makamilyon ng hibla ng buhok, patugaygay na mismo sa matalas na talim ng Ebanghelyo, “Mas matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim, na humihiwa maging sa paghihiwalay ng buto, at isang Kumikilala!” Hallelujah! Diyos, Iyo pong itulot na marating. “Isang Kumikilala ng mga haka ng isipan.” Yan ang Ebanghelyo, ang Kapangyarihan ng Diyos. Ang Salita ng Diyos na nahayag ay ang Ebanghelyo.

Sasabihin n’yo, “Sinabi ng Biblia. Yan—’yan ang Salita ng Diyos.”

110 Buweno, ang Salita na nahayag ay ang Ebanghelyo. Hindi lamang sa pamamagitan ng Salita na dumating sa atin ang Ebanghelyo, kundi sa pamamagitan ng kapangyarihan at pagpapamalas ng Espiritu Santo, para ipakita ang Kapangyarihan, bigyang-buhay ang Ebanghelyo.

111 Noong magpunta ako ng India, lumabas ang arsobispo ng— ng iglesyang Methodist, ang sabi, “G. Branham, ayaw naming

makaalam ng anumang bagay tungkol sa pagmimisyon. Mas maalam kami sa Biblia kaysa sa lahat na nalalaman mo." Sabi, "Isa na kaming iglesya noon, at namalagi rito nang dalawang libong taon bago pa kayo naging isang bansa." Ganoon nga. Pero ang sabi, "Nabalitaan namin na bumisita sa iyo ang Diyos at nagdala ng isang kaloob na makapagbibigay-buhay sa Bibliang ito." Sabi, "Yan ang bagay na interesado kami." Oh, grabe! Kita n'yo, ang lalaking 'yun ay isang anak, hindi isang apo, gaya ng sinabi ni David. Kita n'yo? "Nais naming malaman. Kung totoo ba?"

112 Sabi ko, "Tunay, totoo ito. 'Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.'"

113 Ngayon, pansinin n'yo siya, ang iglesyang natural na inuusig ang iglesyang espirituwal. Ngayon, nalaman natin na nagpapanggap lang si Judas na isang kapatid, isang kapatid, at pagkatapos nagkasalubong na't humantong sa sukdulan.

114 Ngayon pansinin n'yo ang batang-batang mangangaral na ito. Humantong siya sa kalagayan, na ang sabi niya, "Panginoon, tumitingin-tingin ako sa mga babae. Hindi ko po dapat gawin 'yun. Ako nga'y, hayan nga, medyo nakagagawa ako ng mga bagay ng sanlibutan. Hindi ko dapat ginagawa 'yun. Ginagastos ko ang pera ko sa karera ng kabayo. Hindi ko—hindi ko dapat ginagawa ang ganoon. Ako'y—ako'y nagpupunta gabi-gabi sa sinehan. Hindi ko dapat ginagawa 'yun. Nawiwili ako sa mga bulgar na litrato't mga bagay-bagay na gaya nun, may mga poster ako sa silid ko. Hindi ko dapat ginagawa 'yun. Mga bagay 'yan ng sanlibutan. Pakalinisin Mo po ako, Panginoon!"

115 At sasabihin ng Panginoon, "Buweno, gagawin Ko 'yan." Ipinahid Niya ang Dugo ni Jesus Cristo at pinaging malinis siya.

116 Pagkatapos, noong mapangyari 'yun sa kanya, isang gabi napadaan siya't may naulinigan siya. Nagtungo siya roon at nakinig. Napakinggan niya ang tungkol sa bautismo ng Espiritu Santo, ang pagpupuno ng Espiritu. Pagkatapos siniyasat niya 'yun, "Oh, grabe, kahanga-hanga nga! Pero, naku, sisirain nito ang pagmiministeryo ko kung ipapangaral ko ito. Palalayasin ako ng bahay ni nanay. Sisipain ako palabas ng simbahan kung magtangka akong dumako sa ganoon. Oh, mas mainam sigurong lumubay ako mula roon. Pero sige't titingnan-tingnan ko ito. Siyanga nama't, Katotohanan 'yan, ang Biblia."

117 Buweno, gaya ng isang sikat na ministro, na kilala sa buong mundo, na nasumpungan nito-nito lang (ng isang lalaki na nakasama ko sa Puerto Rico) na nakaluhod, nagsasalita sa iba't ibang wika, sa London, England; isang matapang na lalaki, isa sa pinaka magagaling na ebanghelista sa mundo ngayon. At ang lalaking ito, ang kapatid nga niya'y narito kasama ko, isang puspos-ng-Espiritu na lalaki, dali-daling lumapit sa kanya't nagsabi, "Oh, kapatid, 'yan na 'yun!"

118 Sabi niya, "Sabi ko na nga ba. Sabi ko na nga ba. Pero, tingnan mo, hayaan mong sabihin ko sa iyo ang isang bagay."

119 Sabi niya, "Ipangaral mo na ito ngayon. Ipangaral mo na. Ito na ang oras. Sa iyong impluwensya, mayayanig mo ang mundo."

120 Sabi niya, "Hindi, hindi ko maaaring ipangaral ito. Kita mo, tatanggihan ako ng—ng iglesya. Hindi ko 'yan maaaring ipangaral. Hindi ko magagawa." Oh, kapatid!

121 "Na tuma- . . . minsang nalinis at nakaabot sa pagtanggap ng kaalaman ng Katotohanan, nakita na Ito, nakita na Ito'y tama mismo; at tatalikod, ay kanila ngang ipinapako sa krus ang Anak ng Diyos sa ganang sarili nila, at inilalagay Siya sa hayag na kahihiyan, ikinahihiya ang Ebanghelyo."

122 Ang sabi ni Pablo, "Hindi ko ikinahihiya ang Ebanghelyo ni Jesus Cristo, dahil Ito'y Kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan." Ito'y Kapangyarihan ng Diyos na kumikilos sa gitna ng Kanyang Iglesya.

123 Pero ang sabi nila, "Hindi ko 'yan magagawa." Sabi ng lalaking ito, "Iisipin nila na pentecostal ako. Gagawin nila akong . . . " Sabi niya, "Ang aking—aking reputasyon ay masisira." Oh, kapatid!

124 Wala akong reputasyon. Ang iniisip ko ay ang reputasyon ng Diyos. Ang Kanyang reputasyon, 'yung Isa na 'yun mismo.

125 Pero nakita n'yo kung gaanong kalapit ang naaabot nilang paglapit Dito, alam n'yo, "At ibinibilang ang Dugo ng tipan kung saan siya ay nalinis, isang bagay na luminis sa kanya at inalis siya sa sanlibutan, at sinisikap na ilagay siya Rito. At pagkatapos titingin siya Rito, at nagkamit ng kaalaman ukol Dito. Ang tumalikod nga mula Rito, ay wala nang hain pa para sa kasalanan," sabi ng Biblia, "bagkus isang kakila-kilabot na paghuhukom at kabangisan ng apoy na marapat, mismo, na lalamon sa kaaway. 'Sapagkat akin ang paghihiganti,' ang sabi ng Panginoon. Ang humahamak sa batas ni Moises, ay namatay nang walang habag, sa ilalim ng dalawa o tatlong saksi. Gaano pa kayang mas matinding parusa, at mas masaklap na parusa, gayong karapat-dapat, ang nauukol sa isang ministro na yumurak sa Dugo ni Jesus Cristo sa ilalim ng kanilang paanan, matapos na matanggap ang kaalaman ng Katotohanan, at ibinilang Ito na isang di-banal na bagay." Whew!

126 Nakikita n'yo ba kung nasaan na tayo? Ang sabi ni Jesus, "Mag-ingat." Nakikita n'yo ba ang estado ni Judas? Siya nga'y kasama nila roon. Siya ang Esau, na pinalala para sa kapanahunan na 'yun. Siya ang manlilinlang, ang mapagpanggap, na pinalala para sa kapanahunan na 'yun. Heto siya na lumitaw, muli, na isang kapatid ni Jesus, isang nagkukunwang kapatid. Pero sa kanyang puso, siya'y kasangga ng matandang karnal na iglesya sa tuwina, dahil doon niya ibinenta si Jesus. Ibinenta niya si Jesus, ibinenta niya ang

kanyang mga karapatan ukol sa pagkapanganay, gaya ng ginawa ni Esau para sa isang mangkok ng bulanglang. Ibinenta niya ang kanyang pagkapanganay sa halagang tatlumpung pirasong pilak.

127 Maraming lalaki at babae sa panahon ngayon ang ibinebenta ang kanilang espirituwal na pagkapanganay kapalit ang kung anong popularidad, kapalit ng kung anong munting bagay ng sanlibutan na hindi n'yo mapagtagumpayan; mga abang, kababaihan, na nagkokolorete't nagpapagupit ng buhok, nagsusuot ng maiiksing damit; kalalakihan, na mahahalay ang mga biro't naninigarilyo, mga bagay ng sanlibutan. "Kung iniibig n'yo ang sanlibutan at mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa iyo," sabi ng Biblia.

128 Ayaw kong saktan kayo, pero malapit na tayo sa wakas. Patungo na tayo, paakyat na tayo ng hagdan nang madali.

129 Nakikita n'yo ba kung paano na ito? Ginagawa nila ito. Itinalaga sila. Maaari silang manggaya at maging kasing kalugud-lugod at mapagpakumbaba, sadyang malapit na malapit, gaya ng mga Cristiano, magkaparehong-magkapareho na dadayain maging ang mismong mga Hinirang; pero sa pamamagitan ng kanilang mga bunga ay mapagkikilala n'yo sila.

130 Ang isang babae na naka-shorts, ay kailanman hindi magmumukhang Cristiano, para sa akin. Ang sabi ng Biblia, "Makasalanan at kahiya-hiyang bagay para sa isang babae na putulin ang kanyang buhok." Nag-iisang babae lang sa Biblia ang nagpinta ng kanyang mukha, si Jezebel.

131 Paano naman sa kalalakihan, kayong mga kalalakihan na dapat nga'y mga Cristianong kalalakihan, ano't hinahayaan n'yo ang mga asawa n'yong babae na gawin 'yan? Hayan nga, na pananagutan n'yo ito sa Diyos! Hindi lalaki! Karnal! "Oh, lalabas ako kung ganoon at aanib na lang sa iglesyang ito." [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] " . . . bahala kayo." Yan mismo ang sinabi ng Kasulatan na gagawin nila, at ganoon mismo ang eksaktong ginawa nila. At 'yan mismo ang gagawin nila, makipagkompromiso!

132 May nagsabi noon, "Billy, kung di ka hihinto sa ganyan, mapapaalis mo ang lahat."

133 May nag-iisang Bagay lang na di aalis, ang Espiritu Santo, dahil Ito'y Kanyang Salita. At ang tunay na predestinadong mananampalataya ay di aalis, dahil Ito'y Pagkain para sa kanyang kaluluwa. Gustung-gusto niya Ito. Walang makalalayo Nito mula sa kanya. Gagawin niya ang lahat, gaya ni Jacob, anupa't gusto niyang makuha ang karapatan na 'yun sa pagkapanganay. Tatayo siya roon. Wala akong pakialam kung mawala ang bawat kaibigan na mayroon siya, mawala man ang trabaho niya, mawala man ang pagka-miyembro niya sa

iglesya, mawala man niya ang lahat. Siya'y kakapit at kakapit pa rin dito, dahil hindi niya 'yun mapigilan. May kung anong bagay sa kanya, na nagpapakilos sa kanya, na kalaliman na tumatawag sa Kalaliman. Oh, hayan nga, may kung anong bagay sa kaibuturan niya!

134 Tingnan n'yo, anumang bagay na nais n'yong makita sa Biblia, at kukunin dito, bumalik kayo sa Genesis at tingnan n'yo kung saan 'yun lumitaw, tingnan n'yo kung saan ito nanggaling. Lahat ng mga espiritu't mga pagkilos ay matatalunton pabalik sa Genesis. Yan ang ginawa natin, para patunayan sa inyo ang mga bagay na ito na nakikita n'yo, mga kaibigan. Huwag n'yong kalimutan 'yan. Huwag n'yong palampasin lang ito sa ibabaw ng inyong ulo. Hayaan n'yong tumimo ito sa inyo. Yan ang mga bagay ng Diyos. Darating ito sa paghaharap; at inihula ni Jesus na mangyayari uli ang paghaharap sa huling mga araw, at ito'y sa pamamagitan nito: ang Tatak ng Diyos, at ang tanda ng hayop; dalawang espirituwal na kapangyarihan na sabay kumikilos.

135 Ngayon, sinuman ay nalalaman na ang Tatak ng Diyos ay ang karapatan ng pagkapanganay, ang bautismo ng Espiritu Santo. Mga Taga-Efeso 4:30, sinasabi, "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na sa pamamagitan nito'y natatakan kayo hanggang sa araw ng inyong pagkatubos." Noong sila'y ipanganak na muli, sila'y napuspos ng Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ay ang bagong kapanganakan, alam natin 'yan. Kayo'y—kayo'y ipinanganak ng Espiritu, aaminin ko nga 'yan. Pero hanggang sa kayo'y maisilang!

136 May sanggol na nabuo sa sinapupunan ng nanay nito, may isang uri ito ng buhay. Yun ay buhay, at ang munti nitong. . . ang mga munting selyula sa katawan nito'y umiikot at sumisipa at tumatalon nang *paganoon*. Pero kapag ito'y ipanganak na, ito'y may isang. . . [Ipinapalakpak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay—Pat.] nang paganoon, at pagkatapos hihiyaw ito, nagiging isang buhay na kaluluwa.

137 At ang isang sanggol ay makadadalo sa isang simbahan at makapagsasabi, "Oh, naniniwala ako sa iglesya. Ako—ako'y pupunta, gagawin ko ang *ganito*. At ako'y isang mabuting. . . Nais kong gumawa ng tama, nais kong gumawa ng tama." Pero ang bagay na kailangan nito ay isang Ebanghelyong palo para gisingin ito, para humiyaw tungo sa Buhay na Walang Hanggan; at hihiyaw ang Espiritu Santo sa loob nito, gaya ng hindi pa Nito naihihiyaw noon. Pagkatapos ito'y isa nang bagong nilalang, ito'y ipinanganak na ng Espiritu. Pagkatapos magsisimula na itong lumaki, kumilos, at ibubunsod ang pagkatao nito sa Diyos; kita n'yo, parang isang sanggol, natural na sanggol, na ang pagkatao nito'y sa mundo.

138 Pagkatapos kung ang tabernakulo na ito na ukol sa lupa'y masira, may isa tayo na naghihintay, kita n'yo. Kung papaano

nga mismo ng paglabas ng natural na katawan, may espirituwal na katawan para tanggapin ito kapag iniluwal na ito mula sa nanay nito. At kapag iniluwal na ito mula sa nanay, sa lupa, na 'yun nga, ito'y nasa sinapupunan nito ngayon, humihibik, umiiyak, (Oh Diyos!), humihibik, nahihirapan, tumatanda, at nagkakasakit, at lahat na lumiligid dito, at ang espiritu sa loob nito'y nananabik para sa isang lupain na naroon sa ibayo ng ilog. Ito'y humihibik, umiikot, tumatalon, (siyanga, po) dahil may buhay roon na nabubuhay magpakailanman. Nasa katawan 'yun na kailangang mamatay. At darating 'yung oras, gaya sa oras na iluwal na ng nanay ang natural na sanggol, at sasaluhin 'yun ng espirituwal na katawan; mahuhulog ang alabok, at ang katawang natural ay mahuhulog, at ang pisikal na katawan . . . o ang selestiyal na katawan ay sasaluhin 'yun sa ibayo. Kapag ang tabernakulo na ito na ukol sa lupa ay masira, may isa tayo na naghihintay. Yan ang dahilan kung bakit nalilimot mo ang mga bagay ng sanlibutan. Ang mga ito'y patay na, sa iyo. Hayan ang Espiritu.

Ngayon masdan n'yo ito habang patuloy tayo, ang dalawang espiritu.

139 Ang Espiritu Santo ay ang bagong Kapanganakan, alam natin 'yan. Ito'y ipinapanganak muli, sa Espiritu ng Diyos. Sa ganoon kayo ipinapanganak, sa pamamagitan ng Espiritu. Ipinapanganak sa pamamagitan ng Espiritu, 'yan nga'y bagong Kapanganakan. Buweno. Kayo'y ipinapanganak ng Espiritu; pagkatapos kapag kayo'y isinilang na ng Espiritu, kayo'y puspos na ng Espiritu Santo. Buweno.

140 Pagkatapos kapag ang dalawang ito'y nasa lupa, ang natural at ang espirituwal, kung minsan ang . . . Nakikita ko ito. Ngayon sa pagtatapos, nais kong magtapos na ngayon, sa pagsasabi nito pansumandali. Sa natural o sa espirituwal, sa alinman . . . Ngayon umaasa ako na nakukuha ito ng bawat isa. Ngayon maaari lamang na tumaimtim at magpitagan sa abot ng makakaya n'yo.

141 Ngayon, nakita n'yo na ba ito? Nakikita n'yo sa mga kaiglesyahan natin ngayon, maging sa mga grupo kung saan inihiwalay natin ang ating mga sarili't gumawa ng mga organisasyon; at nakikita natin ang lahat ng ito. At makikita n'yo ang isang lalaki kukuha ng isang partikular na Kasulatan, at, kapatid, magagawa ng lalaking 'yun na kunin ang Kasulatan at ibubunsod 'yun na mabuhay na panibago, maibubunsod 'yun na mabuhay nang eksakto sa ipinangako rito ng Biblia. At 'yung kasunod na lalaki'y makikita siya na ginagawa ito, at darating siya't susubukang gawin din 'yun, at mabibigo. Umaasa ako na nababasa n'yo ngayon. Mabibigo siya. Bakit? Ang Kasulatan ay di kinasihan sa kanya. Ang ginagawa lang nung tao'y sinisikap lang niya 'yung gayahin. Sinisikap lang niyang umakto na gaya ng isang bagay. Hindi talaga siya . . . Buweno, marahil siya'y

isinugo ng tao. Marahil may isang tao na nagsabi, “Buweno, kaya mong gawin ang ganoon ding bagay.” Kita n’yo, gaya talaga sa sinabi ni Jesus na magiging ganoon ito. Inihuhula ito ng Biblia para sa huling mga araw, “Gaya ng paglaban noon ni Janes at Jambres kay Moises.”

142 Doon nga’y nakatayo si Moises, at doon ay nakatayo si Jambres. At inihagis ni Moises ang kanyang tungkod, at naging ahas ito. “Aba,” sabi ni Faraon, “halika rito, Jambres, magagawa mo ang siya ring bagay.” At nagawa nga niya, kita n’yo. Pero anong nangyari? Pagkatapos nga’y kinain ng tungkod ni Moises ang tungkod niya. Kita n’yo, nahayag ito. Nasaan na ang kanyang tungkod?

143 Para ngang sobresensorial na persepsyon. Para nga itong tulad ng espirituwalismo. Para nga itong gaya ng ilang mga kaiglesyahan na ito na karnal ang paniniwala nila, malayong-malayo. Ang mga bagay ng. . .Sinasabi nila, “Aba, para ’yan sa ibang panahon.” Sila nga’y kapwa naroon. Pero masdan n’yo ang espiritu na ito sa huling mga araw na ginagaya ang tunay na Espiritu. Kita n’yo? Diyan lumilitaw ang problema n’yo. Kagayang-kagaya na nung bagay na tunay, kita n’yo; pero hindi niya ito mabunsod na mahayag, hindi niya ito magawang manatili, hindi niya ito magawang tumagal. Oh Diyos!

144 Lalapit ang mga tao’t magsasabi, “Kamit ko rin naman ang Espiritu Santo, hayan nga.” Tingnan n’yo ang paraan ng pamumuhay nila; hindi ’yun tumatagal mula sa isang rebaybal hanggang sa kasunod, mula sa isang pagtitipon hanggang sa kasunod. Ito’y nahahayag, na hindi nila Ito kamit. Kung ang isang tao’y ipinanganak sa Espiritu ng Diyos, o ang isang babae, taglay nila dapat ang mga bunga ng Espiritu. Lumalakad sila nang banal. Ipinamumuhay nila ang buhay na ’yun. Kita n’yo? Lumalayo sila mula sa mga bagay ng sanlibutan. Kumikilos sa kanila ang Diyos at inihahayag ang Kanyang Sarili, at pinatutunayan na Siya’y Diyos na kumikilos dun. Yung isa ay nanggagagaya lang. Kita n’yo?

145 Mga panggagaya, ganoon na ito noon pa, panggagaya. Tingnan n’yo si Ismael, at si isaac; at ang lahat na sumunod, kita n’yo, panggagaya. Tingnan n’yo si Moises, at tingnan n’yo ang propetang Balaam. Kita n’yo? Nakita n’yo kung paano silang patuloy na nanggaya! Tingnan n’yo si Judas, at tingnan n’yo si Jesus.

146 At inihula ni Jesus na ang Espiritu Santong ito, sa huling mga araw, ay magiging Tatak ng Diyos. Ngayon, ano naman kaya ang tatak ng hayop? Yun nga’y ang tanggihan ang Tatak ng Diyos. Dahil, ang lahat na walang Tatak ng Diyos ay may tanda ng halimaw. At kung dalawang espirituwal na tanda ito, ang isa sa mga ito’y tunay na tanda ng Diyos, at ’yung isa’y apostasiya. Nakikita n’yo ba?

147 Tingnan n'yo ang tatak sa Lumang Tipan. Noong hipan ang pakakak, ang jubileo, pagkaraan ng ilang mga taon, ang—ang mga alipin ay lumalaya dahil pinatunog ang pakakak. Buweno, ang lahat na nagnanais na makalaya, ay makalalaya. Pero ang ilan sa kanila, ay gustung-gustong maging alipin, kaya dinadala nila sila sa may dambana at sa haligi ng simbahan, at binubutasan ang kanilang tainga ng pambutas. At mamamarkahan sila magpakailanman, magpakailanman na silang magsisilbi sa amo na 'yun.

148 At ngayon maririnig n'yo ang isang Ebanghelyong mensahe ukol sa Katotohanan, "Ngayon makalalaya na kayo kung nais n'yo," nangungusap sa inyo ang Diyos. Pero sa pagsapit n'yo roon sa hangganang linya rito at tatanaw, at kamit na ang isang kaalaman tungkol sa Katotohanan, at pagkatapos ay tatalikod, bubutasan kayo sa tainga at isa ka nang intelektuwal na mananampalataya sa tuwina. Magiging relihiyoso ka't dadalo sa simbahan, pero hindi na kailanman matatanggap ang Espiritu Santo. Kita n'yo, pagkatapos ay magsisilbi ka sa lahat ng natitira mo pang panahon. Ngayon, ang tanda ng hayop, o ang Tatak ng Diyos. At tayo po'y papatapos na.

149 Ngayon, tingnan n'yo, ang Salita'y kailangan na kinasihan: pakikinggan Ito, kikilalanin Ito, at kikilos ukol Dito. Maraming tao ang makakapakinig, pero hindi Ito mapagkikilanlan.

Sasabihin ng Diyos, "Ito na ang oras para sa iyo."

150 "Aba'y ayaw kong maging isang holy-roller. Ayaw ko—ayaw ko nang anumang ukol Diyan." Kita n'yo, hindi nila Ito napagkikilala.

151 Kapag tutungo tayo sa mga pagtitipon, bababa ang Espiritu Santo. Nakaupo ako noong isang araw, noong may dumating na isang pangitain at inihula mismo nang eksakto 'yun. Sabi ko, "Hetong dumarating ang isang kabataang lalaki." "Halika," sinenyasan ko 'yung tagapagsilbi, "mayroon kang sakit sa puso at naghahanap ka ng . . ."

"Opo. Tama po mismo."

152 "Nakikita mo ba ang babae na parating dun?" "Halika. Mayroon kang tumor sa dibdib, at nasa kaliwang dibdib ito, at nasa malubha kang kalagayan. At isa kang makasalanan at hindi . . ."

"Tama po mismo."

153 Yung mga lalaking nakaupo roon, na nagpalinga-linga, mga mangangaral at lahat na, sabi, "uh-huh!" Magpunta ka sa isang pagtitipon, matyagan ang Espiritu Santo na dumadako mismo roon sa buong pagtitipon at isinasaysay ang mga lihim ng mga puso, mga bagay na gaya nun. Sasabihin, "Kahanga-hanga. Sa tingin ko naman. Siyanga." Kita n'yo? Oh, kapatid! Kita n'yo? Pero kung 'yun—'yun—'yun ay nasa kabilang panig, talagang

may kung anong bagay na nangyayari. Magpapatuloy ang mga kababaihan na ganoon pa rin, na ginagawa ang siya ring bagay. Babalik pa rin ang mga kalalakihan, gaya ng isang baboy na bumabalik sa lublubang putikan nito at isang aso sa suka nito, na ganoon pa rin. Hindi n'yo ba nakikita? Ngayon nakikipag-usap ako sa hu-. . . ang. . .

154 Kita n'yo, kailangan mapagtanto n'yo kung ganun, kaibigan, ang kalagayan na kinasasadlakan n'yo. Yan ang dahilan kung bakit itong teyp, ang sabi ko, "Sa iglesya ko lamang." Kita n'yo? "Ang iglesya ko lamang." Kung kayo'y tinawag mula sa liwanag. . . mula sa kadiliman patungo sa Liwanag, mula kamatayan patungo sa Buhay; mula sa isang pormal, na intelektuwal na kuro-kuro ukol kay Cristo, patungo sa isang karansan na maipanganak na muli; at binabantayan ang inyong buhay, na isinasantabi ang mga bagay na sanlibutan, at tumatayo kayo para kay Cristo, ano't anuman; kung ganoon talagang may bagay na naganap. Kita n'yo? May bagay sa kaibuturan n'yo, na nagugutom at kumikilos, gaya kay Jacob. Kita n'yo, nakikipagbuno kayo sa Panginoon, lumalakad kayo nang iba na pagkatapos nun. May kung anong bagay nang kaiba sa inyo, nagbago na kayo.

155 Ngayon, ito nga, bago ito maipangyari sa inyo, kinakailangan itong makasihan sa inyo. Hindi ko alintana, tumayo man ako rito at mangaral hanggang sa ako'y. . . malagas na ang natitira ko pang buhok, hanggang sa ang mga balikat ko'y humukot at ako'y nobenta anyos na, at nakikinig kayo araw-araw; hanggang sa bigyang-buhay 'yan sa inyo ng Diyos, kayo'y naroon pa rin sa siya ring kalagayan.

156 Dalawang araw ko itong inaaral at ipinapanalangin. Kita n'yo? Sabi ko, "Panginoon, sasabihin ko po ba ito sa iglesya?"

157 May kung anong bagay na nagsabi, "Sabihin mo. Nalalapit na ang oras. Sabihin mo." Nararamdaman ko na nalalapit na Niya akong kunin, kaya nais ko—nais kong malaman n'yo ito.

158 "Walang sinuman ang makalalapit sa Akin," ang sabi ni Jesus, "maliban na palapitin siya una ng Aking Ama. Oh, alam Ko na sinasabi n'yo na may Diyos kayo at si Abraham, ang inaangkin n'yong ama; pero sinasabi Ko ito sa inyo, kayo'y sa. . . inyong ama na diyablo," sabi ni Jesus. Relihiyosong kalalakihan, mga saserdote, at bantog na kalalakihan, "Kayo'y sa diyablo, na inyong ama." Kita n'yo? Pansinin, ang mga bunga ng Espiritu.

159 Ngayon, kita n'yo, kinakailangan na mabigyang-buhay ito sa inyo.

160 Hindi ko maisip si Noe na magsasabi, "Alam n'yo ba? Baka uulan balang araw, kaya pupunta ako roon at gagawa ng isang daong. Kung umulan, buweno, sasakay ako sa daong na 'yun at aalis na. At wala nang makagagambala sa akin, dahil ako'y papasok dun sa daong at aalis na." Maiisip n'yo ba 'yun? Hindi.

Hindi. Hindi ganoon. Kung ganoon. . . Oh, nawa mapakinggan ito ngayon ng mga Hinirang. Kung ganoon kasi ito, sa pagpunta pa lang dun ng unang manunuya, gaya ng binanggit ng Biblia na may mga ganoon, at tuyain siya, aba'y ilalapag niya ang martilyo niya't lalakad palayo.

161 Gaya ng ginagawa ng mga kalalakihan sa panahon ngayon, na nagsimula noon sa panahon ni Jesus; at sa pagtingin nila roon at makikita ang Katotohanan, kanila ngang tinatalikuran Ito. Hindi nila Ito mapanindigan.

162 Gaya nung sabi nung sikat na ebanghelista, "Sisirain nito—nito ang pagmiministeryo ko." Hindi ko alintana kung sisirain man ng Espiritu Santo ang isang pagmiministeryo. Marapat lang 'yun na masira. Ngayon, pero, kita n'yo, pagmamalaki 'yun, masyadong natuon sa tao, natuon nang husto sa tao. Oh, pansinin n'yo ito ngayon.

163 Naroon sa kaparangan si Noe, at narinig niya, at kanyang napagkilala, at siya'y kumilos. Kahit na gaano pang karaming manunuya ang dumating, itinayo niya 'yun kaagad.

"Noe, isa kang holy-roller."

164 "Hindi 'yan makaka-apekto sa akin." Nagtatayo pa rin! Kanyang napakinggan. Napagkilala niya na Diyos 'yun, pinagpasyahan niya 'yun sa pamamagitan ng Mga Kasulatan, at ganoon nga ito. Itinayo niya agad-agad ang daong, ano't anuman.

165 Makikinita n'yo ba, makikinita n'yo ba ito, na si Moises, noong patungo siya sa Egipto, lumabas doon isang araw at sasabihin kay Zifora, na kanyang asawa, "Zifora, alam mo ba? Pinulido ko na ang ilang pagbabaybay ko ng pangungusap. Inayos ko ang kaunti kong nalalaman na matematika, at kaunti kong nalalaman na heometriya at, oh, marami pang ibang bagay, at ang edukasyon ko. Mula noong nagpapastol ako ng mga tupa roon, akin—akin—akin ngang pinupulido ang ilan nun. Nakagawa kasi ako ng pagkakamali roon sa Egipto. Sa palagay ko magtutungo ako roon at itatama ito. Sa palagay ko magtutungo ako roon"? Hindi, kakaharapin pa lang niya ang unang bugso laban sa kanya, magagapi na kaagad siya roon.

166 Anong ginawa niya? Kanyang kinalimutan ang lahat ng nalalaman niya tungkol sa heometriya at lahat ng patungkol sa kanyang pagka-intelektuwal. Yun nga ang nagbigay sa kanya ng problema.

167 Yan ang nagbunsod ng problema sa iglesya ngayon, 'yang napakaraming edukadong mangangaral na hindi naman ipinanganak sa Espiritu. Wiling-wili sa pakikinig ang mga kalalakihan at mga kababaihan sa intelektuwal na mga talumpati, sa halip na ipangaral ang kapangyarihan at ang pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo. Yan ang nagdala sa atin sa problema sa panahon ngayon. Hindi natin kailangan

ng higit pang mataas na paaralan at edukasyon para sa mga mangangaral. Ang kailangan natin ay mga tinawag-ng-Diyos na kalalakihan na puspos ng Espiritu Santo, at hindi kung anong gawang-tao na teolohiya ng kung anong denominasyon. Ang kailangan natin ay mga kalalakihan na tinawag-ng-Diyos.

168 Nagpapastol ng mga tupa si Moises, namalagi roon at nakalimot na. Alam niya na bigo ang kanyang mga intelektuwal. Alam niya na binigo siya ng kanyang edukasyon. Nagpapastol siya ng mga tupa, pero narinig niya, oh, "Hubarin mo ang iyong mga panyapak, Moises, ang lupa na kinatatayuan mo ay banal." Nakinig siya roon. Ano 'yun? Ang Tinig ng Anghel na ipinangusap ay batay sa Kasulatan. Ang Diyos nga'y nangako noon kay Abraham, na magulang ni Moises, "Dadalawin Ko ang bayan matapos na sila'y maparoon nang apatnaraang taon, at ilalabas Ko sila sa pamamagitan ng makapangyarihang bisig." Napagkilala Niya na ang Kasulatan 'yun ng Diyos na nagkakaroon ng kahayagan.

169 Hayaan n'yong huminto muna ako pansumandali. Hayaan n'yong tumimo ito. Nakikita n'yo ba ang ipinapangusap ko ngayon? Ang Salita ng Diyos ay nahahayag mismo sa harapan n'yo, at hindi n'yo ito napagkikilala. Isipin n'yo ngayon ang Sodoma at Gomorra; isipin n'yo ang pangako ni Cristo para sa huling mga araw.

170 Napagkilala ito ni Moises; ito'y ukol sa Kasulatan, ito'y isang pangako. Narinig niya, napagkilala niya. May kung anong bagay na dumako sa kanya, kapatid, magagawa na nga niya ito sa sandali na 'yan. Kumilos siya. Magagawa na niyang dumako roon at sawatain ang bawat Faraon. Magagawa niyang tumawag ng mga salot kapag nais niya. Magagawa niyang buksan ang isang Dagat na Pula, dahil siya'y nakapakinig, kanyang napagkilala, siya'y kumikilos sa lugar ng Diyos.

"Ako'y magiging Diyos sa iyo, ikaw ay magiging propeta sa Akin," ang sabi Niya.

At ang sabi niya, "Hindi ko po kayang gawin ito."

171 Ang sabi Niya, "Buweno, kung ganoon, ikaw ay mapaging isang diyos, at ibunsod si Aaron na maging iyong propeta. Kinakailangan mong pumunta, ano't anuman."

172 Hindi siya kailanman basta nagsabi na lang, "Buweno, marahil kinakailangan kong pumunta roon at tuwirin ang mga bagay-bagay."

173 Makikinita n'yo ba si Elias sa Bundok ng Carmel, na magsasabi, "Alam n'yo, ang lupaing ito'y talagang napakasama, kaya, siguro'y kinakailangan kong pumunta roon at sabihin kay Ahab na dapat siyang mahiya sa sarili niya. Marahil kinakailangan kong umakyat sa bundok at mamalagi roon, at mag-ayuno nang matagal, hanggang sa ang mga tao'y magsawa't

mapagod na makita ako roon sa itaas na halos mamatay na sa gutom"? Hindi. Hindi. Hindi nga ganoon.

174 Bagkus napakinggan niya, at kanyang napagkilala, at siya'y kumilos. "Aking inutusan ang mga uwak na pakainin ka. Magtungo ka roon, sa tabi ng Cherith."

175 Noong dumating ang sandali para sa isang pagtutuos sa pagitan ni Baal at ng Diyos, ang sabi niya, "Sige, kunin n'yo ang mga ihahandog n'yo, gawin n'yo ang nais n'yo sa mga ito, at tumawag kayo sa inyong diyos." Noong nasugatan na nila ang kanilang mga sarili, at marami sa katawan, at nagtatalon-talon nang taas-baba, nagkaingay, ang sabi niya, "Sumigaw pa kayo nang mas malakas, baka umalis lang siya, may nilalakad sa kung saan. Marahil natutulog lang siya." Oh, kapatid!

176 "Buweno, alam n'yo ba?" Ang sabi niya, "Isa akong mananampalataya ni Jehovah, kaya magagawa ko ito, ano't anuman." Oh, hindi, huwag na huwag n'yong gayahin 'yun. Huwag. Huwag n'yong tangkaing maging Elias hanggang sa tawagin kayo ng Diyos na maging ganoon. Siyanga, po. "Isa akong lingkod ni Jehovah." May pitongdaan sila sa dako roon, din, pero wala ni isa ang naglakas-loob na gawin 'yun.

177 Pagkatapos noong hiwain niya ang baka't buhusan ng tubig, sabi niya, "Panginoon, ginagawa ko ito batay sa Iyong utos." Kita n'yo. . . Kung may iba na gagawa nun, magiging ganap na kabiguan 'yun.

178 Kinakailangan na makasihan sa inyo! Kinakailangan na dalhin ito ng Espiritu Santo at ibunsod ito na mahayag sa inyo.

179 Yan ang problema sa panahon ngayon. Hindi kayo basta-basta lang magpupunta, sa may altar, at sasabihin, "Buweno, Hallelujah, Hallelujah. Panginoon, nais ko ang Espiritu Santo. Hallelujah, Hallelujah." Hindi.

180 Pero, kapatid na lalaki, kapatid na babae, kapag kinasihan ng Espiritu Santo ang Salita na 'yan sa inyo, makukuha n'yo Ito bago pa kayo umalis sa upuan n'yo. May kung anong bagay sa inyo na mag-aalab. Hindi na sasabihin sa inyo ng mangangaral na gawin ang *ganito* at gawin ang *ganoon*. Ang lumang mga dahon ay basta na lang malalagas, at may bagong mga dahon na uusbong. Ito'y kinasihan sa inyo. Hindi kayo magagalit sa mangangaral kapag ipinapangaral niya ang Katotohanan mula sa Biblia. Iibigin n'yo Ito, aabot para Rito. Ito'y Pagkain para sa inyong kaluluwa.

181 Maging si Jesus, Mismo, ang sabi Niya, "Hindi Ko ginagawa ang bagay na nais Kong gawin, sa Sarili Ko. Ang Anak ay di makagagawa ng anuman kundi ang bagay na nakikita Niya na ginagawa ng Ama." Ang Mga Salita. . . Siya ay si Emmanuel, Mismo. Siya ang Diyos sa lupa; si Jesus nga. Siya ang laman na pinanahanan ng Diyos. Siya ang tolda na pinanahanan ng Diyos. Amen. Pero sa kabila ng lahat ng 'yun, ang ipinanganak-

ng-birhen na Anak ng Diyos, si Emmanuel sa kapuspusan ng Espiritu, kamit Niya ang Espiritu na walang sukat. At, gayunman, sa Kanyang Sariling laman, ang sabi Niya, "Hindi Ako gagawa ng anumang bagay maliban na ipakita muna sa Akin ng Ama." Kinasihan sa Kanya, na gawin!

182 Ang sabi ni Satanas, "Gawin Mong tinapay ang mga batong ito, at magpamalas ng isang himala. Iyong ibunsod na makita kong gawin Mo ito."

183 Ang sabi Niya, "Nasusulat, 'Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao.'" Oh, grabe! Pero noong may madla na nagugutom, kumuha Siya ng limang tinapay at dalawang munting isda, at nagpakain ng limang libo. Oh, Hallelujah! Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

184 Huwag n'yong tangkain na gaya-gayahin. Yan ang problema sa Pentecostal ngayon. Yan ang problema sa iglesya ngayon, napakaraming nagtatangka na gumaya-gaya na kamit daw nila ang Espiritu Santo. Napakaraming nagtatangka na ginagaya-gaya ang Makalangit na pagpapagaling. Napakaraming nagtatangka na gaya-gayahin ang iba't ibang bagay ukol sa Panginoon. Hindi n'yo maaaring gawin 'yan. Ang mga bagay na 'yan ay sa pamamagitan ng paghirang, pagtawag ng Diyos, ikaw ay iniluwal sa sinapupunan ng nanay mo na taglay na 'yun. "Ang mga kaloob at mga pagtawag ay hindi nagbabago." Oh, grabe! Totoo 'yun. Hindi n'yo puwedeng gawin ang sarili n'yo na isang bagay na hindi naman kayo ganoon.

185 Pero kung tinatawag kayo ng Diyos, maging pinaka mapagpasalamat na tao kayo sa buong mundo dahil tinawag Niya kayo. Pagkatapos ito'y magiging realidad sa inyo.

186 Kung maaari kong ikuwento, kung may oras pa ako, 'yung tungkol sa mga squirrel nung isang araw, na pinabaling ako. Hindi ko pa ito nakikita noon, at hindi ko magawa. Si Hattie, na nakaupo riyan sa likod ay nakatingin sa akin. Papaano nga 'yun mangyayari? Hindi nga maaari na ako ang may gawa nun, pero ito'y kinasihan, binigyang-buhay. Binigkas ang Salita at ito'y ipinangyari. Hallelujah!

187 Si Pablo, maiisip n'yo ba siya na magsasabi, "Naroon ako sa dagat nang labing-apat na araw at gabi, at walang mga bituwin o buwan, o araw o kung ano man. Sa palagay ko pupunta ako roon at sasabihin sa kanila, 'Lakasan n'yo ang loob n'yo, dahil iingatan tayo ng Diyos, ano't anuman'"? Oh, hindi nga ganoon ang paggawa ng Diyos. Hindi ganoon ang paggawa ng Diyos.

188 Ayos naman 'yang pananampalataya mo, kapatid. Kahanga-hanga ang pananampalataya mo. Pero hangga't ang bagay na 'yun ay makasihan sa iyo!

189 Oh, hayun ang isang pulang ilaw na nakasabit doon, at kung makita ko. . .Sasabihin ko, "Buweno, heto na ang paa ko sa silinyador. Heto ang kotse ko. Makakaya kong lagpasan ang ilaw

na 'yun, sa bilis na sandaan at siyento beinte milya kada oras." Totoo naman. "Mararamdaman ko ang lakas sa ilalim ng paa ko." Pero mainam na maghintay ka hanggang sa umilaw na ang "larga" na senyales. Hallelujah!

190 Nakukuha n'yo ba ang ibig kong ipahiwatig? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kapag umilaw na ang *larga* na senyales, sige. Kapag ang bagay ay kinasihan na sa iyo, at ibinubunsod ito ng Diyos na mapagkilanlan gaya ng ginawa Niya noon, sige. Pero maliban sa kinasihan na Niya ito, mayroon kasi tayong grupo ni Judas na nanggagaya, sumasabay na parehong-pareho, nagsasabi, "Buweno, katulad din naman ako nila. Ako'y isang Cristiano, rin."

191 Oh, hindi n'yo ba naaalala? Ang mga anak na lalaki ni Esceva, pumunta roon at nagsabi, "Inuutusan ka namin, inuutusan ka namin sa Pangalan ni Jesus na ipinapangaral ni Pablo. Lumabas ka!"

Ang sabi nito, "Si Pablo'y nakikilala ko, at si Jesus ay nakikilala ko, pero sino kayo?"

192 Nalalapit na ang oras na ang tama at mali ay mahahayag. Makikita na ito mismo sa mga Cristiano sa panahon ngayon. Makikita na sa mga kaiglesyahan ngayon. Makikita na mismo sa mga tao ngayon. Napapanatili ko na kayo rito nang matagal; nais ko kasing maiparating ito sa inyo.

193 Hindi kailanman nagsabi si Pablo, "Siguro pupunta ako roon at sasabihin, 'Buweno, lakasan lang n'yo ang loob n'yo.'" Hindi.

194 Anong ginawa niya? Narinig niya mismo ang isang Anghel. Alam niya na 'yun ay ang siya ring Anghel na laging nangungusap sa kanya. Napagkilala niya, pagkatapos kumilos siya. Pumunta roon at sinabi, "Lakasan n'yo mismo ang loob n'yo. Dahil ang Anghel ng Panginoon, na ako'y lingkod Nito, ay tumayo sa tabi ko kagabi, na nagpakita sa akin ng isang pangitain na walang mawawaglit, sa barkong ito. Lakasan n'yo ang loob n'yo. Sige't kumain kayo ng hapunan n'yo ngayon. Maayos ang lahat." Amen. Kapag ito nga'y kinasihan sa inyo, kapag ibinubunsod ng Diyos na tama ito!

195 May komentaryo ako rito sa kung saan, na naisulat ko. Heto nga po. Uh-huh. Nasa katapusan na tayo ng lahat ng mga bagay. Hayaan n'yong talakayin ko lang ito ngayon, sa pagtatapos. Umaasa ako na ang Diyos ay naghayag ng isang bagay sa inyo. Tingnan n'yo. Ang lahat ay nasa katapusan na. May nagtanong nung isang gabi, sa palagay ko ay si Kapatid na Fred Sothmann, nauusisa namin kung gaanong kalapit na ang pagtatapos ng panahon.

196 Nakita ni Kapatid na Demos Shakarian ang pangitain na 'yun na talagang nahahayag na, at nangyari 'yun matapos lang ang limang araw, na ganap na ganap mismo, halos napahubad

siya ng kanyang sapatos. Tinawagan niya ako. Sabi niya, "Kumusta si Joseph?"

Sabi ko, "Maayos naman."

Sabi, "Nakakakita ba siya ng mga pangitain?"

197 Sabi ko, "Oo. May nabanggit siya sa akin patungkol kay David, na anak ni Kapatid na Wood, kung saan nahulog siya sa isang motorsiklo, tatlo o apat na araw bago 'yun mangyari, saktong-sakto mismo."

Sabi niya, "Alam mo, ang mga ganoong bagay ay napagsasalin-salin sa pamilya."

198 Sabi ko, "Mabuti o masama, nga, alinman. Napagsasalin-salin sa pamilya."

199 At nag-uusap kami nang kaunti, at sila, ang sabi sa akin ni Fred, "Saan kaya ito hango, Kapatid na Branham?"

200 Sabi ko, "Kita mo, Fred, tingnan natin sa kalikasan. Ang Diyos ay kumikilos sa Kanyang kalikasan. Tingnan n'yo, masdan n'yo ang kaganapan. Ang araw ay sumisikat sa Silangan. Ang pinaka matandang sibilisasyon na mayroon tayo, ay Tsina." Alam nating lahat 'yan.

201 Ang pinaka matandang sibilisasyon na mayroon tayo ay Tsina. Buweno. At ang sibilisasyon ay pakanluran ang usad. At ngayon saan kayo patutungo kung lilisan kayo sa Kanlurang Baybayin, na magdidire-diretso kayo? Patungo nga mismo sa Tsina. Mismo. Nasa katapusan na tayo. Ang sabi ng Biblia, ang sabi ng propeta, "Darating ang araw kung kailan hindi na gabi o araw, kapag dumaan na ang araw, kundi sa panahon ng gabi," bago mismo ito magtapos sa dako rito, "muli ay Magliliwanag, uli." Ang sabi ni Jesus, "Magkakaroon ng unang ulan at huling ulan. At magbubunsod ang huling ulan ng kapwa una at huling ulan, sa parehong panahon." Nasa katapusang panahon na tayo.

202 Tingnan n'yo rito, hayaan n'yong ipakita ko sa inyo. Nasa katapusan na ang pulitika. Naniniwala ba kayo roon? Pakitaan n'yo ako ng isang bagay ngayon . . .

Ang bansang ito ang pinakamalala sa mundo, dahil sa korupsyon, sa pagiging napakasama. Sino ang nakabasa nung diyaryong Courier Journal nung isang gabi, sa Louisville, noong ang lahat ng mga kababaihan, ay pinagpipilian, sa bawat bansa, ang pinaka magandang babae sa bansa, at pinasasali sila roon para maging Miss Universe? Ang lahat nga'y sumali maliban sa Rusya. At nagpadala sila ng makikipanayam kay Khrushchev at tinanong siya, "Bakit nga ba hindi?" Ang sabi niya, "Hindi hinuhubaran ng Rusya ang kababaihan nila, para lumakad sa harapan ng mga kalalakihan." Isang pagano't, walang diyos na bansa'y nagdadala ng kahihiyan sa atin na tinatawag ang mga sarili natin na mga Cristiano, ang sabi, "Hindi hinuhubaran ng Rusya ang kababaihan nila, para lumakad na gaya n'yan. At

hindi kayo makakakita ng mga shorts at ganoong bagay na gaya nun sa Rusya.” Walang diyos nga ang mga ’yan. At tinatawag natin ang mga sarili natin na “mga Cristiano!”

203 Hindi nakapagtatakang ang sabi ng Biblia, “Bawat dulang ay napuno na ng suka. At kanino pa Ako makapagtuturo ng Aral, at sino ang aawatin mula sa dibdib? Bagkus utos sa utos, at bilin sa bilin. Sapagkat sa mga utal na labi at ibang wika ay sasalitain Ko ito sa bayan. At ito ang Kapahingahan. Sapagkat sa lahat ng ito, hindi nila pakikinggan.” Mayroon kasi tayong sariling intelektuwal na hinuha. Oh, napakainam sana na makapamalagi tungkol Dito nang maghapon.

204 Pulitika, tadtad na ng korupsyon! Mga Democrat, mga Republican, at lahat, ay sadlak na. Ano ’yun? Sambunton na ng lubhang pandaraya. Bawat tao na nagtratrabaho rito, na hindi ipinanganak na muli, ay sa diyablo. Ang sabi ng diyablo, “Bawat kaharian sa mundo’y sa akin,” at hindi siya kailanman dinebate ni Jesus. Ang sanlibutan ay kontrolado ng diyablo. At bawat tao na nagtratrabaho sa gobyerno, kung siya’y hindi isang Cristiano, siya’y sa diyablo at nagtratrabaho para sa diyablo. Ang lahat ng mga bansang ito’y magiging kay Jesus Cristo sa pagdating Niya, magkakaroon ng isang Milenyum.

205 Tingnan n’yo rito ngayon, kung ano ang ginagawa nila ngayon. Pinapagalitan ako dahil sa paggugugol ko raw ng pera dun sa ibayo para sa mga Cristiano, at nais pa akong patawan ng dalawampung taon sa kulungan ng estado, dahil daw sa paggugugol ng pera para magpatakbo ng isang kilusang panrelihiyon. At samantalang sinasayang nila ang makasampung milyong dolyar kada taon sa wiski at serbesa at sigarilyo, para pabulukin ang bansa. At heto ako na nagsisikap lamang mangaral ng katuwiran, nakatayo sa pinto ni Jesus Cristo, at ipapadala ako sa kulungan dahil dun. At ang kinikilingan ay bagay na gaya nun na masama’t, mababa sa mababa, na matalino’t, intelihente, at hinahayaan na mawaldas ’yun sa mga programa sa telebisyon na pinabubulok ang mundo, ipinapain ang kababaihan sa mga aso. Isa sa pinakamalalang sumpa na mayroon ang bansa, at hinahayaan lang nila. Ipapadala raw nila ako sa bilangguan dahil sa pangangaral ng Ebanghelyo, na ano’t kaunting dolyar lang ang dala para—para ipangaral ang Ebanghelyo, na ibinibigay sa akin ng mga tao para mapangaral ang Ebanghelyo. Hindi ako mayaman at hindi ko ’yun kayang bayaran. Pero nais nilang ipadala ako sa bilangguan, ididitene nang dalawang taon, at malapit na raw akong litisin. Oh, talagang ganoon nang kasadlak sa kababaan, ganoon nang kasalaula! Diyos, mahabag Ka.

206 Sasabihin ko ang isang bagay na ito, marahil ganoon ang pamamaraan ng Diyos bago Siya magpadala ng bombang atomika. May bagay ka na magagawa’t magagawa na mali, alam n’yo. Kinakailangan mo munang saktan ang Kanyang pinahiran

isang beses, para sa siya ring Kasulatan na ito, maliban na... "Huwag mong salingin ang Aking Hirang." Tama. Kaya kung kinakailangan ng ganoon para maghatid ng kahatulan, gaya noon sa panahon ni Daniel o sa kung saang ibang dako, sige hayaan na itong mangyari. Ako'y Iyong lingkod, Panginoon. Tama. Oh, siyanga.

207 Pulitika, talagang sadlak na! Ang bansa, tadtad na ng korupsyon! Buweno, tingnan n'yo nga! Pagsusuotin na raw nila ang mga sundalo ng shorts ngayon. Oh, grabe! Pulitika, digmaan! Nasa katapusan na ang pulitika. Ang mga diktador ay mali. Ang pulitika'y mali. Bakit di sila nanatili noon sa isang maka-Diyos na hari na gaya ng ibinigay ng Diyos sa kanila, si David? Ang sabi ng mataas na ginoo ng Inglatera, noong ito'y—noong ang demokrasyang ito'y nabubuo, ang sabi, "Mainam 'yan sa ngayon, pero darating ang panahon," ang sabi niya, "ito'y mawawalan ng kabuluhan. Ito'y magiging puro layag at walang angkla." At tama siya. Sabi, "Mga pulitikong tatayo sa ibabaw ng maliliit na entablado sa bawat kanto, pero ginagawa ang lahat na ng uri ng binaluktot na bagay na pinabubulok ang gobyerno." At tama ang lalaking 'yun. Yun mismo ang nagaganap.

208 Ang isang lalaki nga'y makadadako rito, at dadaan dito at magpapakalasing, at sisirain ang lahat ng bagay na nais niya; at magpupunta roon, na kilala niya ang bawat isa, wala man lang magsasabi laban sa kanya. Pero kapag dukha, o isang tao na di nila kilala, ang susubok na gumawa nun, haya't sila nga'y ipabibilanggo. Korupsyon, mababa pa sa mababa, kalaswaan, apatnapung porsiyento nila'y homoseksuwal. Isipin n'yo 'yun, Sodoma't Gomorra muli! Hayun ang grupo, na mga relihiyoso pa naman sana.

209 Ako—ako nga'y napapaisip kung anong mangyayari kasunod, kapag ang kasunod na Presidente'y darating? Binigyan tayo ng Diyos ng isang maayos na maka-Diyos na lalaki, ang matandang si Dwight Eisenhower. At ngayon ako'y uma-... Antabayanan n'yo ang susunod. At baka daga ang magkaroon tayo na kasunod, tunay nga. Pero may parating nga, "Isang Faraon na di kilala si Joseph." Alalahanin n'yo 'yan. Dadako ako riyan maya-maya. Tadtad na ng korupsyon ang pulitika. Alam natin 'yan.

210 Patapos na ang digmaan. Oh, nagbabatuhan sila ng mga bato noon sa isa't isa, naghahampasan sa isa't isa sa ulo gamit ang mga batong palakol, pagkatapos gumamit sila ng mga busog at pana. Pagkatapos gumagamit na ng mahahabang baril, pagkatapos mga machine gun, pagkatapos otsenta'y otso sa Alemanya, at naglalakihang mga baril sa atin. Pagkatapos naghahagisan ng granada't lason na gas. Pero ngayon may bombang hydrogen na sila. Nasa katapusan na ang pakikipagdigma. Bawat bansa'y mayroon na nun, kaya ano nang

gagawin n'yo ngayon? Maging ang isang munting bansa ngayon, kakalabit lang sa gatilyo, 'yun lang ang kailangan nilang gawin, at ang buong ito'y sasambulat mismo. Nasa katapusan na ang digmaan. Huh! Amen. Nasa katapusan na ang digmaan. Nasa katapusan na ang pulitika.

211 Nasa katapusan na ang edukasyon. Nasa katapusan na ang pagka-delingkuwente ng kabataan. Ang mga kabataan, wala nang pag-asa pa para sa mga kabataan, sila'y nawala na sa katinuan. Hindi n'yo na mapagtitiwalaan ang edukasyon. Hindi na kayo maaaring pumunta rito sa eskuwelahan at magkaroon, bigyan ang isang bata ng edukasyon. Siya'y—siya'y magiging dobleng mas malala pa sa paglabas niya roon kaysa sa noong pagpasok niya. Kapag may sasabihin na ano mang laban ang guro, siya nga'y ipapapatay. Bubuo sila ng munting Klux at pupunta roon at babarilin ang guro, dudukutin siya't gagapusin. Nawalan na tayo ng dalawang libong guro. Oh, paumanhin, sa palagay ko nga'y dalawampung libong guro na, nitong nakaraang taon. Hindi ko sila masisisi. Ayaw ko ring gawin 'yun, siyanga. Ngayon nagtataas sila ng mga karatulang ito sa tuwina, "Bigyan ng edukasyong pangkolehiyo ang mga batang ito." Kailangan naman nila 'yun, pero sunggab-sunggab sila ng diyablo. Sunggab sila mismo ng diyablo. At hindi na nga normal na lalabas sila't mamemerwisyo at—at—at tutunggab ng tarangkahan at isasabit 'yun sa isang puno sa gabi ng Halloween, o gagawa ng kung anong munting pagkaperwisyo gaya ng ginagawa noon ng mumunting mga bata, o kukunin ang karitela ng isang magsasaka't ihahambalang 'yun sa kalsada, hindi na ganoon; haya't sila'y nababaliw na mismo. Ang mga bagay na pinaggagagawa nila'y kabaliwan na; babarilin ka, papatayin ka, papaslangin ka, lalasunin ka, kung anu-ano. Ganyan na ang kasunod na henerasyon.

212 Nasa katapusan na ang panganganak, ang pagkababae, ang pagiging nanay. Aba, naglipana na ang pagkokontrol ng panganganak, at mumunting mga aso na ang humalili.

213 Ang moralidad, wala na ngang moralidad. Mga kababaihan, kay sama ng pananamit; ang lumalabas sa telebisyon, lahat na ng uri ng panggagaya ng masasamang tao ng Hollywood, lahat na ng uri ng ganoong mga bagay, mga pauso. Ang lahat ay nasa katapusan na!

214 Nasa katapusan na ang edukasyon. Nasa katapusan na ang pulitika. Nasa katapusan na ang digmaan. Nasa katapusan na ang sibilisasyon. Lahat ng mga bagay na 'yun ay nasa katapusan na. Naku, ano nang puwede nating gawin? Ano nang kasunod? Nasa katapusan na tayo ng lahat ng mga bagay.

215 Ngayon nasa katapusan na ang buhay-iglesya, ang normal na iglesya, ang iglesya. Ngayon, marahil makapanakit ito nang kaunti, pero ang iglesyang karnal, ang iglesyang Esau, siya nga'y

humantong na sa kanyang katapusan. Ano nang ginagawa niya? Pahantong na mismo sa kapisanan ng mga kaiglesyahan, na sa dulo'y sasanib sa Romanismo, para lumaban sa Katolisismo . . . o sasanib sa Katolisismo para lumaban sa komunismo. Tinatawag na ni Pope John ang lahat ng mga kaiglesyahan na bumalik na, at gagawin nga nila. At pagkakaisahin nila ang kanilang mga sari-sarili, nang eksakto mismo sa bagay na GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

216 Sasabihin n'yo, "Sandali lang, Kapatid na Branham. Lumilihis ka na." Kung ako nga'y nalihis, isinulat pala ng Diyos ang Kanyang Biblia na lihis. Kinakailangan n'yong maging Micaya, sa kaso na ito.

217 Ang sabi sa akin ni Morris Cerullo noong isang gabi, sabi, "Nasaan ang anticristo, Kapatid na Branham? Ang Judio ang anticristo."

Sabi ko, "Morris! At ikaw, na isa ngang Judio?"

Ang sabi niya, "Sila ang pinakamalalang namumuhi-sa-Diyos na mayroon diyan."

218 Sabi ko, "Morris, huwag! Sabihin mo sa akin sa Kasulatan na ang anticristo'y nagmula sa Jerusalem. Ang anticristo'y nagmula sa Roma, hindi nagmula sa Palestina."

Ang sabi niya, "Buweno, tingnan mo, ako'y . . . Sila'y mga namumuhi-sa-Diyos."

219 "Oo, hindi ba't sinabi ng Diyos na Kanyang binulag ang kanilang mga mata para tayo'y magkaroon ng panahon na makakita? Pero ang panahon natin ay malapit nang matapos."

220 Ang sabi niya, "Oh, Kapatid na Branham, hindi ko 'yun naisip." Kita n'yo, hayan nga.

221 Kita n'yo, nasa katapusan na tayo. Ang karnal na sanlibutan, ang karnal na iglesya'y naroon na, sa katapusan. Masdan n'yo kung papaanong patungo na ito sa kapisanan ng mga iglesya. Sumanib na ang United Brethren. Sumanib na ang Pentecostal. Lahat ng iba pa sa kanila'y inorganisa na ang kanilang mga sarili. Makikita n'yo roon, sila na mga Cananeo, hanggang doon sa mga espiritung Esau, na napakarelihiyoso, at sinanib ang kanilang mga sarili sa mundo; mga walang espirituwal na pagkaunawa, walang kakayahan na makapanagumpay, mga hindi hinirang ng Diyos, para sana tawagin palabas at maibukod.

222 Oh, kung magagawa ko lang na maipagbigay-alam ito, kung may panahon lang para mapatimo ko ito sa kung anong paraan! Hindi nila ito nakikita. Mayroon silang mga mata at hindi sila nakakakita, may mga tainga at di nakakarinig. Oh, bakit napakapurol natin sa Espiritu? Ngayon, pakinggan n'yo ito. Ang lahat ay nasa katapusan na.

223 At ang espirituwal na Iglesya'y nasa katapusan na Nito. Siya'y patungo na sa katapusan. Oh Diyos! Tumingin kayo pabalik noong Siya'y nagpapasimula kay Luther, inuga, ang espirituwal. Pagkatapos kay Wesley, nakaabot sa pagpapaging-banal. Pagkatapos sa Pentecostal, ang Espiritu Santo. At ngayon sa pagtatapos ng panahon, ang Espiritu ni Cristo ay lubos na naroon sa Iglesya, na ginagawa na Nito ang siya ring mga gawa na Kanyang ginawa noon, pabalik na sa Ulo Nito muli; handa na para ang Iglesya at si Cristo'y maglakip, at ang Pagparito ng Panginoong Jesus, at ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay. Nasa huling panahon na tayo. Sinabi mismo 'yun ni Jesus, "Katulad sa panahon ng Sodoma, gayundin sa pagparito ng Anak ng tao." Nauunawan n'yo ba?

224 Tingnan n'yo ang karnal na iglesya. Tingnan n'yo kung saan sila patungo, palayo nang palayo mismo.

225 Tingnan n'yo ang Iglesyang puspos-ng-Espiritu, nililiglig na palayo ang lahat ng mumunti Nitong walang kabuluhan, patugaygay na sa Espiritu, (sa minorya, siyanga), patugaygay sa Espiritu, pero patungo nga sa isang dako hanggang sa Ito'y makaabot dun kung saan ang Espiritu Santo'y kumikilos mismo Rito, kumikilos sa pamamaraan Nito, na handang tanggapin ang Kanyang Panginoon, handa nang tanggapin ang Kanyang Panginoon.

226 At ang iba pa sa kanila'y naorganisa, bumabalik sa sanlibutan, nahiwalay, na patungo na sa kapisanan, pahantong sa isang malaking kapisanang ulo sa ilalim ng Katolisismo. "At may larawan na inanyuan na kamukha ng hayop." Isang *larawan*, "isang bagay na katulad nito." Isang kompederasyon ng iglesyang nabuo kasama ang Katolisismo, ang dalawa na ito na magkalakip, gumagawa nang magkalakip. "Sino ang makababaka laban sa hayop o sa larawan nito?" Tunay na wala nga. Sadyang makapapamalagi tayo rito sa pagtalakay nito nang ilang oras!

227 Ngayon hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo, at pagkatapos oras na para magtapos. Ito nga'y aking. . .Nabanggit ko sa inyo na magiging mahaba ito. Ako—ako nga'y nag-aalala talaga. Sa pagwiwika nga ng Diyos sa mga bagay na ito, na sinasabi, "Sabihin mo sa kanila. Ipangusap mo ito. Huwag kang manahimik na lang. Ipakita mo Ito sa kanila. Kung hindi nila Ito tanggapin, kung ganoon ang dugo'y wala sa iyong mga kamay." Narito na ang oras. Ang oras, ito'y patugaygay na mismo.

228 Nasa katapusan na ang mundo. Hindi na ito makatatayo pa. Nasa katapusan na ang mga digmaan. Hindi na kayo magkakaroon pa ng digmaan. Kung magkakadigmaan, hindi na; isang kalabit lang sa gatilyo, 'yun na 'yun. Ang pulitika, ito'y nabubulok na't tadtad ng korupsyon.

229 Ang daigdig ng iglesya'y Methodist, Baptist, Presbyterian, mga Pentecostal. "Haya't mga baboy na bumabalik sa lubluban nito ng putik, mga aso na bumabalik sa suka nito." Ganoon nga, bawat isa sa kanila! Tinatawag ng Diyos, palabas ng korupsyon na 'yun, ang Iglesya na hinirang. Ganoon mismo. Si Esau, ang sabi nila, "Kami ang iglesya!" Hindi ko naman 'yan pinagdududahan. Si Jacob ay ama rin naman ni Esau, siyanga, tama, kaya, pero—pero . . . Ang ibig kong sabihin pala, si Isaac ay ama rin naman ni Esau, at si Jacob ay kanyang kapatid, sa kanya. Pero ang isa'y gustong magantimpalaan ng pagkapanganay; ang isa nama'y kinamuhian ito. Ang isa'y nakapakinig, kumilala, at kumilos. Yung isa nama'y nagsabi, "Oh, basta't dumadalo ako sa simbahan at ginagawa ang tama, ano ngang magiging kaibhan?" Hayan nga. Ngayon sa . . .

230 Sasabihin ko nga ito, sa pagtatapos, itong isa pang komentaryo. Maraming dahilan ang Iglesya para mabuhay ngayon. Oh, tunay ngang magiging mapagbunying panahon ito para sa tunay na Iglesya, para sa totoong Iglesya, para sa hinirang na Iglesya, kapag alam n'yo sa puso n'yo na lumipat na kayo mula kamatayan patungong Buhay; kapag titingin kayo sa sarili n'yo at makikita, maaantabayanan ang inyong buhay at makikita na ang lahat ng mga bagay ng mundo'y lilipas, at kayo'y naging isang bago nang nilalang. Pakinggan n'yo ngayon, sa pagtatapos, nang maigi. Alam n'yo na na nakalipat na kayo, pinatutunayan na ito ng inyong buhay, "Sa pamamagitan ng kanilang mga bunga'y makikilala n'yo sila." Ang buo n'yo nang layunin ay si Cristo. Kayo'y naghihintay sa Kanyang pagdating anumang minuto. Lumalakad na kayo sa Espiritu. Iniibig n'yo Siya. Nakikita n'yo Siya na kumikilos na sa inyo. Hindi na n'yo sariling nais na gawin, kundi Siya na ang gumagawa nito, Mismo. Oh, grabeng panahon!

231 Naalala ko ang isang pintor na nagtungo sa Roma, para mag-aral na maging isang pintor, isa siyang kabataan. Napansin nila siya. Ibang-iba siya kumpara sa lahat ng iba pang Amerikanong binata't dalaga, at sa iba pa na nagtungo roon para maging pintor, at mula sa iba pa sa mundo. Itong isang kabataang lalaki'y katangi-tangi. Isa siyang mainam na kabataan, at napansin nila 'yun. Nagdadaos sila ng naglalakiha't enggrandeng kasiyahan, at dumadalo roon at, kung paano ang ginagawa sa Roma, na sila'y talagang nagpapakalasing.

232 Nakapunta na ako roon, mismo, at nasaksihan ko sila. Lumalabas sa lansangan, silang mga kalalakihan at mga kababaihan, at kung anu-ano ang ginagawa. Maging sa liwasan, nakikipagtalik doon mismo sa liwasan, doon mismo sa hayagan, na hindi pinapansin; sa Inglatera, rin, sa lahat ng iba pa. Kita n'yo? Pero hindi 'yun mas lalala pa rito. Parehong-pareho rito, ganoong kalala; dito nga lang, ay mas patago nang kaunti, dahil

sa mga pulis at bagay-bagay. Ngayon, pero sadya ngang kakila-kilabot!

233 Buweno, itong kabataan na isang ito, siya'y umiiwas sa lahat ng 'yun. Kapag 'yung iba'y nagpupunta sa kanilang mga kasiyahan, hinahayaan niya sila, pero siya nga'y tutok sa pag-aaral na maging isang pintor. Kaya, isang araw 'yung matandang katiwala, na isang Cristiano na naroon sa—sa museo, dun sa bahay-sining, ang sabi niya—sabi niya, "Samahan mo akong maglakad, iho. Samahan mo akong maglakad, nais kong kausapin ka nang kaunti."

Sabi nung binata, "Sige po."

234 Kaya lumakad na sila, paakyat ng isang burol, at pareho silang ang kanilang mga kamay ay nasa likod nila, naglalakad paakyat nung burol. Palubog na ang araw. At mangyaring ang sabi nung matandang lalaki sa kabataang pintor, sabi niya, "Iho, isa kang Amerikano."

Sabi niya, "Ako nga po."

235 Sabi niya, "Nagpunta ka rito para makapag-aral ng sining. Sa palagay ko nilalayon mong ang maging trabaho mo'y maging isang pintor."

Sabi ng binata, "Yan nga po ang pinaplano ko, ginoo."

Sabi, "Nahahalata ko na isa kang Cristiano."

Sabi niya, "Isa po akong Cristiano."

236 Sabi niya, "Buweno, may isang bagay akong nais itanong sa'yo. Tinanong ko na rin ito sa iba. Sinasabi nila na Cristiano rin sila, hayan nga." Sabi niya, "Ano ang pinagkaiba mo? Ano ang nagpapaiba sa'yo sa iba pang kabinataan na ito mula sa Amerika, at sa lahat nitong mga kadalagahan mula sa Amerika? Ano ang nagpapaiba sa'yo nang lubos, at sa kabila nun ay nagsasabi kayong lahat na kayo'y 'Cristiano'?"

Sabi niya, "Ginoo, nakikita n'yo po ba 'yung paraan ng paglubog ng araw na 'yun?"

Sabi niya, "Nakikita ko."

237 Sabi ng binata, "Sa malayong ibayo ng karagatan, sa isang partikular na estado sa New England, sa isang partikular na siyudad sa estado na 'yun, at sa isang partikular na bahay sa siyudad na 'yun, ay isang partikular na kabataang babae na pinangakuan ko na mamumuhay ako nang totoo." Ang sabi niya, "Yan lang ang nasa isip ko, ang makapag-aral ng sining at makabalik sa kabataang babae na 'yun na namumuhay nang tapat sa akin." Sabi niya, "Yan ang dahilan kung bakit ako namumuhay nang ganito sa ginagawa ko."

238 Oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae, nagtataka kayo marahil kung bakit di natin alintana anuman ang ibansag-

bansag nila sa atin. Hindi ko alintana anuman ang sabi-sabihin nila.

239 Nakatayo ako kasama si Fred noong isang araw, doon sa San Juan, Puerto Rico, habang nakatanaw sa dagat, at napansin ko, ’yung koral na bahura, mga kalahating milya ang haba, at ’yung naglalakihang mga alon na humahampas dito. Ang sabi niya . . . Habang ’yung mga flamingo’y naglalakad dun sa hardin, at iba pa. Sabi ko . . . Sabi niya, “Kapatid na Branham, parang Langit nga rito.”

240 Sabi ko, “Pero ang dagat dun ay magiging tahimik, kapatid.” Sabi ko, “Doon sa ibayo ng dagat, may isang partikular na lugar na tinatawag na Langit, may partikular na Isa na tinatawag na Jesus, sa Langit na ito, na isang araw ay kinuha Niyang lahat ang aking mga pagkakasala. At nangako ako sa Kanya na mamumuhay ako nang tapat sa Kanya, gagawin ko ang mga bagay na ninanais Niya na gawin ko. Yan ang dahilan kung bakit di ko ikinahihiya ang Kanyang Ebanghelyo, Ito’y Kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan.” Yan ang nagbubunsod na ang isang Cristiano’y mamuhay nang iba. Siya’y iba dahil may kung anong Bagay na dahilan para mamuhay siya nang iba.

Iyuko po natin ang ating mga ulo pansumandali.

241 Nanlulumo kong kaibigan, sa umagang ito, may bagay ba kayong iba para ipamuhay, bagay na makapagdadala sa inyo palabas ng sanlibutan, bagay na mas mahalaga sa inyo kaysa sa buong mundo, na anupa’t ang mamuhay para kay Cristo? Kung hindi n’yo pa ’yan kamit, bakit di n’yo tanggapin na Ito ngayon. Huwag lang kayong basta magsimba at magsasabi, “Nais kong maging isang mabuting tao.” Huwag n’yong gagawin ’yun. Magnais kayo na maging isang Cristiano. Kayo, kung may kung anong bagay sa tuwina sa inyong puso, na sinasabi sa inyo, “Hindi ka tama, pero nais Kong mamuhay ka nang tama.” Sa tuwina’y naghahangad kayo na maging isang bagay na hindi kayo ganoon ngayon, hindi n’yo ba nalalaman na tinatawag kayo ng Diyos? Huwag n’yong talikuran ito. “Sapagkat kung minsan na kayong naliwanagan at nagkaroon ng pagkakataon, at tinanggihan ito sa huli ninyong pagkakataon, wala nang natitira pang hain para sa kasalanan.” Huwag kayong gumaya kay Esau.

242 Gumaya kayo kay Jacob, kahit na ano pa . . . kahit na ano pa ang kapalit nun sa inyo. Kung ang kapalit nun ay inyong tahanan, kung ang kapalit nun ay ang inyong trabaho, kung ang kapalit nun ay inyong asawang lalaki, ang kapalit ay asawa n’yong babae, kung ang kapalit nun ay inyong mga anak, kung ang kapalit nun ay anupamang ibang bagay, kunin n’yo ang karapatan na ’yun sa pagkapanganay! Yun ang mahalaga. At kung ganoon ang nararamdaman n’yo ukol dito, sa umagang

ito, at nagnanais kayo na makamtan ang pagkapanganay na ito! Hindi ko ito maibibigay sa inyo. Pero maibibigay ng Diyos, at Siya Yaong nangungusap sa inyo. Maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay, sabihin, "Ipanalangin mo ako, Kapatid na Branham. Yang karapatan sa pagkapanganay na 'yan, ay nais ko." Pagpalain ka ng Diyos, sa lahat ng dako. "Yang karapatan sa pagkapanganay na 'yan, ang nais ko."

243 Makalangit naming Ama, pinasasalamatan Kita, na Pinaka Maharlika at Banal na Diyos, dahil sa lahat Mong kabutihan at kaawaan sa mga anak na lalaki't mga anak na babae ng tao. At napagtatanto namin na nasa huling panahon na kami, hindi na ito magtatagal pa. Naghihintay na lamang kami sa hiram na oras; gaya noong panahon ni Noe, ang pagpapahinuhod noon ng Diyos, noong ang daong ay inihahanda, noong tanging walong kaluluwa ang naligtas. Iyong sinabi, "Ganoon din ito sa pagparito ng Anak ng tao. Dahil sa pagpapahinuhod ng Diyos, hindi naghahangad na may sinuman na mapahamak, bagkus ang lahat ay makatungo sa pagsisisi."

244 At ngayon sa loob ng gusaling ito, may mga kalalakihan at mga kababaihan na nagtaas ng kanilang mga kamay, mga lalaki't mga babae, bata't matanda, na nagtaas ng kanilang mga kamay, at nagsasabi, "May kung anong Bagay na humahatak sa akin." Oh Diyos, nawa'y di nila Ito tanggihan. Nawa'y ibenta nila ang kanilang edukasyon, nawa'y ibenta nila ang lahat ng mayroon sila. Gaya nung lalaki na nakasumpong ng napakahalagang perlas; 'yun nga'y katangi-tanging, napakahalagang perlas, 'yun ang pinaka marilag na perlas, at ibinenta niya ang lahat ng mumunti niyang ganoon, nang sa gayon ay mabili niya itong katangi-tangi't, marilag na perlas. Nawa'y ibenta nila ang lahat-lahat na kamit nila sa mundo, sa umagang ito, lahat ng kasikatan nila sa mundo.

245 Ang mga kababaihang nakaupo rito, Panginoon, marami sa kanila na nakapakinig sa Ebanghelyo na ipinangaral nang napakaraming beses na, at lumulublob pa rin sa sanlibutan, at nakikiuso pa rin sa sanlibutan at nananamit na gaya ng sanlibutan, at nagpupunta pa rin sa mga kasiyahan at mga bagay ng sanlibutan, nakikibahagi sa makasanlibutang bagay at umaakto na gaya ng mundo, at ginagamit ang mga bagay ng sanlibutan. Oh Diyos, nawa'y mahiya sila, sa umagang ito. Kung mayroon pang pag-asa sa kanila na natitira, Panginoon, Iyo pong ipagkaloob ngayon. Nawa'y ito na ang oras na 'yun.

246 At ang mga kalalakihan dito, Panginoon, Oh Diyos, mahahabag Ka sa kanila. Marami sa kanila ang lumalakad pa rin sa mga bagay ng sanlibutan, hinahangad pa rin at nawiwili sa mga bagay ng sanlibutan, kasalanan, paninigarilyo, pag-iinom, pakikipag-inuman, may paunti-unting serbesa na patago, o—o bagay na tulad nun, o magnanasa, at magsasabit ng munting larawan, ng mga kabataang babae na mahalay ang pananamit.

At ang mga katawan nila'y tinitingnan nila sa kalsada, at halos mabangga na nila ang mga tao dahil sa pagtingin sa mga 'yun, tapos tatawagin ang mga sarili na mga Cristiano.

At nalalaman na ang hubog na 'yun ng katawan ng babae, marahil sa loob ng dalawampu't apat na oras, ay mabubulok dun sa libingan, na ang mga insekto't mga uod ay gagapang sa mga inanyuan at hinubog na mga sisidlan ng kanyang katawan; at ang kanyang kaluluwa ay naroon sa impyerno ng diyablo, dahil sa kung paano siya namuhay. At, sa kabila nun, ay pinangangalandakan niya ang ang nakanguso niyang munting, de koloreteng labi, at hahagikhik at tatawanan ka.

247 Diyos, maawa Ka po sa mga taong ito. Oh Panginoon, huwag Mo pong tulutan sila na mapahamak. Maawa Ka po't magpadala ng habag. Iyo pong ipagkaloob sa bawat isa sa kanila, Panginoon. Ikaw ang tanging Isa na 'yun na makapagbibigay ng pagpapala na ito. At kung tinawag Mo sila sa Buhay na Walang Hanggan, nawa'y buksan nila ang kanilang mga puso; at isantabi nila ang lahat-lahat sa umagang ito, at pagkatapos ay kanilang tatanggapin ito. Iyo pong ipagkaloob, Ama.

248 At ngayon nawa ang Espiritu Santo'y dumating sa pagtitipon na ito, para sa mga maysakit at nagdadalamhati, at ibunsod ang mga tao na makita ang Mensaheng ito na ipinangaral sa umagang ito, na ang Pagparito at lahat ay nasa katapusan na, at maging si Jesus ay kumikilos na sa Kanyang Iglesya. Iyo pong ipangyari na ito, Panginoon, na Iyong makukuha ang mga taong ito sa Iyong mga kamay. At kapag makita nila ang Espiritu Santo na gumagawa, kumikilos sa kalagitnaan ng mga tao, nawa ito'y mapagtibay, ang Mensahe na aking ipinangaral, na narito na kami sa huling panahon. At nawa'y dinggin nila. Kanilang napakinggan na, at nawa'y mapagkilala nila na ang siya ring Jesus, ang siya ring paraan na ginawa Niya ito sa panahon Niya, narito Siya na ginagawa ito sa pamamagitan ng Kanyang Iglesya sa huling araw. At nawa sila'y kumilos, sa pamamagitan ng pagbibigay ng kanilang buhay at mga katawan, at mga kaluluwa at mga espiritu, sa Kanya. Aking ibinibigay sila sa Iyo, Panginoon, sa Pangalan ni Jesus.

249 Ngayon, sa gusali kung saan narito ang mga tao, pinapunta ko si Billy ngayong umaga para mamigay ng mga prayer card. Siya . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

250 Ikaw ba'y may sakit, nangangailangan? Kung ihahayag sa akin ng Diyos, gaya ng ginawa Niya sa babae sa may balon, at sasabihin sa akin kung ano ang suliranin sa iyo, o bagay na tungkol sa iyo, na nalalaman mo na hindi ko alam, 'yan ba'y makapagbubunsod sa iyo ng pananampalataya para sampalatayanan ang Diyos? Maibubunsod ba nito na ang iba pa sa inyo rito'y magkamit ng pananampalataya? Ito ba ang unang beses na nagkatagpo tayo? [Sinasabi ng kapatid na babae,

"Hindi po."—Pat.] Oh, nakita mo na ako noon, pero ako'y isang estranghero sa iyo. Tama ba? Buweno, nawa'y ipagkaloob ng Panginoong Diyos ang iyong kahilingan.

251 Ngayon, totoo ba ito, o hindi? Oh, grabe! Manawagan kayo sa inyong intelektuwal na relihiyon. "Kay Baalim," sabi, "nasaan siya?" Si Elias noon sa ibabaw ng Bundok ng Carmel, ang sabi, "Nasaan si Baalim? Nasaan? Gisingin n'yo siya." Hindi n'yo kailangang gisingin si Jesus. Siya'y gising sa tuwina. Siya'y laging nariyan, nabubuhay sa tuwina, may kakayahan sa tuwina; ang siya ring kahapon, ngayon, at kailanman. Amen. Ang Diyos ay nananatiling Diyos.

252 Naniniwala ka bang ang sakit mo sa puso'y lilisan sa iyo at iigi ang kalagayan mo? Hindi ka taga-rito. Bumalik ka sa Lexington at ipamalita mo sa mga tao ang dakilang mga bagay na ginawa ng Panginoon sa iyo. Kita n'yo?

253 Ito'y lampas-lampasan lang sa ibabaw ng ulo ng mga tao, na hindi ito makuha-kuha. Ngunit ang isang buhay na Iglesya'y susunggaban 'yan, agad, at nalalaman na ang Presensya ng Espiritu Santo'y narito.

254 Mayroon diyan sa likod dito ang nagtaas ng kanilang kamay. Ikaw ba 'yun, ginang? Nananampalataya ka ba na masasabi ng Diyos sa akin ang sakit mo? Ang matandang . . .

255 Yang kapatid na lalaki diyan sa dulo, sa palagay ko nga ang sabi niya, kani-kanina lang, na . . . Nananampalataya ka ba, kapatid? [Sinasabi ng kapatid, "Opo."—Pat.] Nananampalataya ka? Kung ganoon lilisan sa iyo ang sakit na 'yan sa balat, magiging maigi ka na. Nananampalataya ka ba? Tinatanggap mo ba ito na magaling ka na? Pakitaas ng iyong kamay, kung tinatanggap mo. Kita n'yo? Uh-huh. Buweno. Siya'y estranghero sa akin. Alam mo 'yan, Pat.

256 Isang ginang ang nakatingin diyan, nananalangin, nakatingin sa akin, ang sabi niya'y isa siyang di kakilala. Naniniwala ka ba na lilisan sa iyo ang altapresyon na 'yan? Tama, hindi ba? Itaas mo ang kamay mo kung 'yun 'yun. Sige, manampalataya ka sa Diyos.

Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

257 Paano naman sa ilan dito na kakilala ako? May kung anong bagay sa puso n'yo. Itaas n'yo ang kamay n'yo. Marami kayo! Hindi ako ang nagpapangyari nito; kinakailangan Itong dumating mismo. Alam n'yo, ito'y dahil sa pananampalataya n'yo.

258 Si Georgie Bruce, nakikita ko siya na nakaupo riyan. Sa tuwina'y nagsisikap ka na makasumpong ng maiinam na bagay para sa iba, Georgie. Ikaw ay gumaling na, sa kanser. Walang kuwestiyon sa isipan mo. Noong araw na pumasok ka rito sa tabernakulo at lumabas ng pintuan na 'yan diyan, dumating sa

akin ang Espiritu Santo, at sinabi sa iyo riyan ang isang akto na walang sinuman sa mundo ang nakakaalam kundi ikaw lang at ang Diyos at ’yung isa pang tao. Tama ba? Tama. Naniniwala ka ba sa akin, siyanga ba, Georgie? May kung anong bagay ka sa iyong puso, Georgie. Naniniwala ka ba na masasabi sa akin ng Diyos kung ano ang nasa puso mo?

Maibubunsod ba nun na ang iba pa sa inyo, na mga taong nakakakilala sa akin, na manampalataya?

259 Kakilala ko si Georgie, pero may bagay siya na iniisip. May dalawang tao siya, na wala rito, na ipinapanalangin niya. Kapwa sila nakatira sa Corydon. Tama. At mayroon din siya rito, na isang lalaki na ipinapanalangin niya, na narito sa ospital. At nananalangin ka, higit sa kagalingan niya, haya’t ang kaligtasan ng kanyang kaluluwa. Yan nga’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Tama. Tama, Georgie? Tama nga mismo.

260 Mayroon diyan sa likod na likod na nagtaas ng kanilang kamay, diyan sa likod na likod, sa likod dito. Ikaw, paano ka naman? Magagawa mo bang itaas ang kamay mo, isa kang estranghero sa akin? Itong lalaki na nakaupo rito na nakatingin sa akin, hindi kita kakilala. Naniniwala ka ba na ako’y propeta ng Diyos, lingkod ng Diyos? Naniniwala ka ba sa Espiritu Santo, na ang bagay na ipinangusap ko’y Katotohanan? Nananampalataya ka ba Riyan? [Sinasabi ng kapatid, “Opo.”—Pat.] Kung nananampalataya ka, iyo la- . . . ’yun lang ang tanging mayroon ka, dahil pinahihirapan ka ng kanser. Ganoon nga. Hindi ka taga-rito sa siyudad. Taga-New Albany ka. Tama. At mayroon kang kanser. Kung manampalataya ka nang buong puso mo, na iigi ang kalagayan mo. Tatanggapin mo ba ito? Itaas mo ang kamay mo. Mapapurihan ang Panginoon.

261 Naniniwala ako, ’yung babae riyan na nakasuot ng parang puting sumbrero sa ulo niya, itim na ginang, na nagtaas ng kanyang kamay. Wala pa akong itim na nakaugnay rito. Nananampalataya ka ba, ginang? Sige, po, sampalatayanan mo nang buong puso mo. May sakit ka sa puso, sakit sa tiyan, mga komplikasyon. May nagdala sa’yo rito sa umagang ito. GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Tama, hindi ba, ginang? Kung tama, iwagayway mo ’yang panyo na nasa kamay mo, para makita ng mga tao. Hindi ko pa nakikita ang babae na ito sa buhay ko.

262 Itinaas mo ba ang iyong kamay? Isa ba akong estranghero sa iyo? At ikaw ay estranghero sa akin. Nananampalataya ka ba na nakikilala ako ng Diyos, o nakikilala ka ng Diyos? Nananampalataya ka ba na masasabi Niya sa akin ang bagay na nasa puso mo? Nananalangin ka para sa isang tao. Ang tatay mo, na may sakit sa puso. Tama. At nais mong makasumpong

ng bautismo sa Espiritu Santo. GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

Kung makasasampalataya ka!

263 Paano naman ang munting ginang na ang kanyang kamay ay nakataas nang *paganito*, nananampalataya ka ba? Ang suliranin mo'y 'yang pantal sa kamay mo. Pero nananalangin ka para sa iyong apo. Tama. Hindi normal ang bata. Tama. Hindi ba, ginang? Manampalataya ka nang buong puso mo, para rito.

Noong sabihin kong, "bata." Sandali lang po. Oh, hayan nga. Ang anak mong lalaki'y naaksidente sa sasakyan; napilay. Hindi kita kakilala, ginang, pero totoo 'yun. Kung tama, itaas mo ang kamay mo.

264 Ngayon, Sino itong narito? Sino Ito? Hindi ako ito. Papaano ko magagawa ang ganoong bagay? Huwag po kayong maging manhid sa Espiritu, sa Espirituwal na mga bagay. Ang Diyos ito na narito! Ang Espiritu Santo na hinahangad mo, sinasampalatayanan mo na ba Ito ngayon? Sinasampalatayanan mo ba Ito ngayon? Sige, kung ganoon tanggapin mo Ito ngayon. Ngayon ay oras para tanggapin Ito. Manampalataya ka nang buong puso mo.

265 Ikaw na may sakit at nangangailangan. Hindi ako nakakapagpagaling. Walang tao ang makakapagpagaling. Hindi ko maibibigay ang Espiritu Santo. Pero ang Isa na nakakapagpagaling at nakakapagbigay ng Espiritu Santo, Siya'y narito. Siya ang Isa na 'yun na Siyang makagagawa nito.

266 Ngayon iyuko n'yo ang mga ulo n'yo. Manampalataya kayo ngayon mismo, habang ipinapanalangin ko kayo at ang mga panyo na ito.

267 Makalangit naming Ama, sa abot ng nalalaman ko, nakitungo ako sa bawat isa na mga estranghero, sa oras ngang ito na nararamdaman kong nanghihina na ako at parang bibigay na; nakaramdam po ako ng pangunguna na ito na ang oras marahil na nakikita na ng mga Hinirang. Nawa ang lahat at bawat isa sa kanila, Panginoon, na tinawag at pinahintulutan na matawag sa pamamagitan ng Iyong Espiritu; may bagay, ang pananampalataya nila, sila'y may higit na pananampalataya (ang ilan sa kanila) kaysa sa iniisip nila na mayroon sila. Nagpapasimula lamang ang mga ito sa kanilang mga puso.

268 At hinipo ng babae ang damit ni Jesus isang beses noong Siya'y dumaan, at Siya'y lumingon at nagsabi, "Sino ang humipo sa Akin?"

At ang sabi ng mga naroon, "Buweno, ang lahat naman ay napapadikit sa Iyo."

269 Sabi Niya, "Pero nararamdaman Ko na Ako'y nanghina." At nasumpungan Niya ang munting babae at sinaysay sa babae

na siya'y may pag-agas ng dugo, at pinagaling siya ng kanyang pananampalataya.

270 At sinabi ng Biblia, na, "Siya'y Dakilang Saserdote, ngayon, na nahihipo't nahahabag sa aming kahinaan." Ang sabi ng Kasulatan, "Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman." At kung Siya'y siya pa rin, ang siya ring Dakilang Saserdote, kikilos Siya nang pareho pa rin at gagawa nang pareho pa rin.

271 At nawa makita ng mga tao na ang puspos-ng-Espiritung Iglesya'y patungo na sa ulo. Naghahanda na si Cristo na dumating at kunin ang Kanyang Iglesya. Ang huli Niyang dakilang mga tanda, gaya sa panahon noon ng Sodoma; Siya'y nangusap, nakilala si Sarah, at nalaman na si Abraham ay may asawang babae na nagngangalang Sarah, nalaman na sa loob ng tolda siya ay tumawa; ang sabi Niya, "Yan ay magiging isang tanda. Kapag nakita mo 'yan, alalahanin, na ang salinlahi na 'yun ay di lilipas hanggang sa matupad ang lahat." Heto na ito. Nasa katapusan na kami.

272 Iyo pong ipagkaloob, Panginoon, na ang bawat maysakit dito'y mapagkilala na ang buhay na Jesus Cristo'y narito. Nawa ang mga panyong ito'y mapatungan ng pagpapala para sa bawat katawan na may sakit na dadakuan nito. Kinokondena ko ang diyablo, para sa mga tao. Pinapalayas ko siya, sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, sa pananampalataya, iwinawaksi ko ang bawat anino ng pag-aalinlangan. Nawa ang bawat tao na narito, na itinalaga sa Buhay na Walang Hanggan, ay tanggapin Ito sa oras na ito. Nawa ang bawat pamahiin, bawat munting pagnanasa, bawat munting bagay ng sanlibutan, bawat munting pasan, gaya ng sinabi ng Biblia, "Isantabi namang walang liwag ang bawat pasan, at kasalanan na pumipigil sa amin; nang sa gayon ating takbuhin, nang may pagtitiis, ang takbuhin na inilagay sa harapan natin; habang nakamasid" (sa ano? sa iglesya ba? sa organisasyon ba?) "sa May-Akda't Sumakdal ng ating pananampalataya," na narito na ngayon, "si Jesus Cristo, na Anak ng Diyos." Nakamasid sa Kanya Na . . . Hindi sana marapat na aming kunin ang mga salita na nalalaman naming totoo, pero gayunman ang Mga Salitang ito ay ginawang realidad sa amin sa umagang ito. Ang siya ring Jesus na namatay, ay hindi patay, Siya'y nagbangon mag-uli, at matapos ang dalawang libong taon ay Kanyang dinadala ang Kanyang Iglesya sa isang ulo. Ang espiritu ni Judas ay kumikilos sa kalagitnaan nila. Pero nawa'y maisantabi nila ang bawat katitisuran at lahat, sa oras na ito, at tanggapin Siya.

273 Nawa'y makapakinig sila, na kanilang ginawa na, sa pamamagitan ng pangangaral. Nawa'y mapagkilala nila ngayon na ang mismong Mga Salita na narinig nila'y nahayag na, at mapagkilala nila Ito, na Ito ay si Cristo. At nawa ngayon ay kumilos sila, kumilos sila Rito: tanggapin Ito, at tumayo,

magbigay ng patotoo; at tumungo sa Kaharian ng Diyos, sa pamamagitan ng pagpupuspos ng Espiritu Santo.

274 Nawa ang mga maysakit ay gumaling. Nawa ang mga nagdadalamhati'y gumaling. Nawa ang bawat mithi ng puso'y maiwasto. Iyo pong ipagkaloob ito, Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

275 Ngayon habang nakayuko ang inyong mga ulo, na ang inyong mga puso'y bukas, kayo nga'y maglaan sa sarili n'yo ng isang panahon ukol sa pananalangin; bago lamang, sa palagay ko, ang parating na gawain ng pagbabautismo, bago mismo ito. May isa pang gawain mamayang gabi.

276 Ngayon, alalahanin n'yo, huwag n'yong palalampasin ang oportunidad na ito. Nakatayo ako rito ngayon nang dalawa't kalahating oras na, o higit pa nga, na nagsisikap maglaan ng oras, at ihatid ang Ebanghelyo, at ilagak Ito nang sadyang ganap mismo. Pagkatapos tayo'y tumugaygay na sa dulo. At ang mismong teksto: pakinggan, kilalanin, kumilos. Huwag n'yong palampasin lang ito sa ibabaw ng inyong ulo. Napakinggan n'yo na Ito. Napagkikilala n'yo ba na ang Kanyang Presensya'y narito? Napagkikilala n'yo ba na Ito Siya na tinatawag kayo? Kung ganoon kumilos kayo Rito. Ang Diyos ay sumainyo. Maglaan kayo ng panahon sa pananalangin.

277 Kapatid na Neville, kayo po'y pumarito lamang, pansumandali, sa pananalangin, sa pag-akyat mo rito.

Paraanin n'yo lang siya.

*Pakikinig, Pagkilala, Pagkilos Sa Salita Ng Diyos* TAG60-0221
(Hearing, Recognizing, Acting On The Word Of God)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Pebrero 21, 1960, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org